# *Ang Impluwensiya Ng Iba*

Salamat sa iyo, Kapatid na Neville. Pagpalain ka ng Panginoon.

Magandang gabi, mga kaibigan, napakainam ang maparitong muli ngayong gabi sa tabernakulo, upang mangusap muli tungkol sa ating Panginoon at Tagapagligtas, na sa Kaniya'y umiibig tayong lahat natitiyak ko, o tayo ay hindi nauupo rito sa mainit na gusaling ito, na nagsisiksikang kagaya ngayong gabi, kung hindi natin Siya iniibig. Sapagkat iyan ang ating layunin sa pagparito, ay upang ipahayag sa Kaniya na iniibig natin Siya. At ang ating mga pag-aasam ay—ay labis na nagpapalakas kapag ating inisip ang Kaniyang nalalapit na panahon. Habang ating nakikita ang paglitaw ng mga tanda ng Kaniyang pagdating, tayo ay nasasabik para sa dakilang oras na iyan na kapag atin Siyang makita.

2 Mula nang narito ako noong isang Linggo nung nakaraang linggo, napakaraming pumanaw na upang katagpuin Siya. Isa ay si Gng. Ford, Gng. Levi Ford. Siya ay walumpung taong gulang, isang itinatanging babae. Ang kaniyang asawa ay namayapa may ilang panahon ang nakalipas. Siya ay isang beterano ng Digmaan ng Espanyol at Amerikano. At sa aking kasaysayan ng buhay nabanggit ko ang pangalan ng kaniyang anak na lalaki. Siya yaong maglalaan ng damit na yaon para sa akin, alam ninyo, pagkatapos niya itong paglumaan, na—ang damit ng isang—naniniwala ako ito ay isang damit ng isang iskawt na lalaki. At siya . . . Nang ako ay nagpunta upang kunin ang bahagi nito, mayroon lamang isang bahagi na natira rito.

3 Si Lloyd marahil ay narito ngayong gabi, ang siya ring batang lalaki. At ako—aking ginanap ang pagpapalibing sa kaniyang ina noong isang araw. At hiniling niya sa akin, sabi, "Billy, hangad ko na ikaw ay mangusap sa bagay na makapagpapatunay na ang aking ina ay muling babangon." At ang Panginoon ay binigyan ako ng isang mensahe para roon sa isang eksaktong, positibo . . . Nang ang Biblia, lahat ng kalikasan, lahat ng bagay na nilikha ng Diyos ay ipinapangusap ito, siya'y muling babangon. Sino—sinong mangungusap ng laban dito kung gayon? Sinabi ng Diyos na gayon, pinatutunayan ito ng Kaniyang kalikasan, pinatutunayan ito ng Kaniyang Salita, pinatutunayan ito ng kaniyang buhay, lahat ng bagay na iba pa, siya'y kailangang magbangon, kita n'yo. Walang anomang paraan, walang anomang bagay . . . Langit at lupa ay maaring mabigo, ngunit iyan ay hindi mabibigo. Siya'y kinakailangang magbangong muli.

4 Pagkatapos isang araw bago kahapon, isang tagapamahala na dating kasama ko, si G. Baxter (marami sa inyo ay

natatandaan siya; siya ay nangusap mula sa entabladong ito mismo), ang kaniyang asawa ay namatay bigla sa isang atake sa puso. At siya'y lubhang balisa at lubhang malungkot; at umaasa ako—nagtitiwala na inyong aalalahanin si Kapatid na Baxter sa inyong mga panalangin habang kayo ay nananalangin, 'pagkat siya'y isa sa ating mga kapatid na lalaki. At siya ay naninirahan sa Vancouver, British Columbia. At siya ay hindi ko na ngayon nakakasama ng maraming taon. At aking narinig na ang kaniyang asawa ay nagkaroon ng isang uri ng isang sumpong sa nerbiyos o ibang bagay, at pagkatapos biglang-bigla siya ay nagkaroon ng atake sa puso at pumanaw. Sadyang hindi natin masasabi kung anong oras ito ay tatawag. At pagkatapos kapag ito—Siya ay tumawag, tayo ay dapat na maging handa. Iyan ang dahilan na tayo'y naririto ngayong gabi.

5 Ako ay nasa pag-aaral doon—sa opisina, ay, nakikipag-usap nga pala kay Ginoong Moore. Kaniya akong hinimok . . . ako ay mayroong . . .?. . . Ako ay nagsisikap na umiwas mula sa Pasasalamat; nais kong magkaroon dito ng isang pagtitipon para sa Araw Ng Pasasalamat, at pagkatapos ay tumungo sa Shreveport. Siyempre, ako'y—mahirap na ito ay maisagawa. At sa wakas sabi niya, "Buweno, kung ika'y— mayroong tatlong pagtitipon ngayon at kakailanganing tumungo sa mga Pitong Tatak bandang huli, kung gayon maibibigay mo sa amin ang isang araw na iyon kahit papaano." Kaya sa wakas, ibibigay namin sa kaniya ang Biyernes, Sabado, at Linggo na iyon. At ngayon, naipangako ko na sa kaniya ang Huwebes, Biyernes, Sabado, at Linggo. At ito'y magiging . . . Pentecostes ay maglilimampung taon na sa Louisiana ang—Araw Ng Pasasalamat. Ito ay bumaba limampung taon na ang nakaraan sa Louisiana.

6 Ngayon, bukas ng umaga aming medyo pipilitin ang lahat na walang Lingguhang pag-aaral na inyong madadaluhan . . . nakikita ko ang ating pinakamamahal na Kapatid na Don Ruddell dito, at alam ko na siya ay mayroong Lingguhang pag-aaral sa umaga. At marahil ay may mga ibang ministro rito mula sa palibot sa mga kalapit na mayroong Lingguhang pag-aaral. Ngayon, nais namin na kayo ay pumunta sa inyong sariling Lingguhang pag-aaral kung mayroon kayong isa. Ngunit kung kayo ay walang Lingguhang pag-aaral, at nais ninyong makasama namin, nais kong mangusap sa umaga, at maglagay ng isang pisara, at magturo sa *Ang Ganap na Sukat ng Isang Taong Sakdal*, at ilarawan ito roon—sa pisara, at ipakita ang mga hinihiling ng Diyos at kung papaano tayo makakarating sa sakdal na sukat ng—ng isang taong sakdal sa harapan ng Diyos.

7 At pagkatapos bukas ng gabi, sa kalooban ng Panginoon, nais kong mangusap sa paksang *Ang Aking Patnubay.* Kaya kung ang ilan sa inyo na nasa labas ng kabayanan . . . At nais

naming subukang umpisahan ang mga gawaing ito nang maaga kung . . . hindi ko pa nakausap ang pastor, ngunit hangad ko na inyo sanang simulan ang Lingguhang pag-aaral na talagang maaga sa umaga. At ang iglesya bukas ng gabi, siguro, kung maaari, ay simulan sa 6:30 o iba. At iyan ay makapagbibigay sa mga tao ng pagkakataon kaya kung gusto nilang manatili . . . Tayo ay makakalabas siguro ng 8:30, at pagkatapos ang ilan sa kanila . . .

8 May nakilala akong babae ngayong araw na ito na nagmamaneho ng tatlo o apat, mga . . . Sabi niya, kung tayo ay lalabas ng ika-8 o 8:30, siya'y makakauwi ng mga 2:30 o ganap na ika-3 ng susunod na umaga, ang kaniyang asawa ay aalis upang magtrabaho . . . Kaya tayo ay walang gagawing anoman kahit papaano kundi magpagala-gala sa palibot, kaya—kaya tayo'y pumarito sa simbahan nang maaga. At tayo ay walang . . . Alam n'yo, tayo ay hindi kailangang magkaroon ng isang anyo tungkol dito; ang Diyos ay walang anyo, alam ninyo, ang Biblia . . . ? . . . Kaya, kami ay umaasa na kayong lahat ay naririto, at—lahat ng makakaparito.

9 Ngayon, kung kayo ay mayroong sariling mga gawain, alalahanin, ito ay isang kahit na anong denominasyon na tabernakulo kung saan ang mga tao . . . ? . . . pumaparito. At karamihan sa ating mga tagapakinig ay binuo mula sa mga taong hindi taga-rito.

10 Ngayon, kung sakali mang may isang baguhan dito, nais kong ipakita sa inyo ang isang bagay. At kalalakad ko pa lang patungo sa entablado at wala akong makita na—wala akong makitang sampung tao na kakilala ko. Ilan sa mga tao rito ay mula sa labas ng siyudad ng Jeffersonville, itaas ang inyong kamay. Kita n'yo, siyamnapu't siyam na porsiyento. Kita n'yo, kita n'yo? Ito'y mga kaibigan lamang. Ilan sa naririto ang mula sa sandaang milya ang layo, itaas ang inyong kamay. Mayroong limampung porsiyento niyan, mula sa mahigit isandaang milya ang layo. Ilan sa naririto ang higit sa dalawang daang milya ang layo, itaas ang inyong kamay. Tatlong daang milya ang layo, itaas ang inyong mga kamay. Masdan ninyo roon! Apat na raang milya ang layo, itaas ang inyong kamay. Masdan ninyo rito! Limang daang milya ang layo, itaas ang inyong kamay. Masdan ninyo roon, higit sa ma-katlo ng kongregasyon ay higit sa limang daang milya ang layo! Kita n'yo, ito'y mga kaibigan lamang na nagkakatipon dito mula sa palibot . . . ? . . . tayo'y mapaparito. Kaya kami'y nagagalak sa inyo, at kami'y narito upang tulungan kayo. Kami'y narito upang gawin ang lahat ng aming makakaya para sa inyo.

11 At ngayon, ako ay nagbabasa lamang kanina roon sa likuran ng ilang—isang liham na iniabot lamang sa akin ng aking anak na lalaki mula sa isang binibini na nagsabi itong— sa pagparito sa pagkakataong ito ay magiging tatlumpu't limang biyahe na

siyang naparito umaasa na maipapanalangin. Tatlumpu't limang beses na siya'y nagmaneho ng daan-daang milya, tatlumpu't limang biyahe.

12 At pagkatapos alalahanin, mayroong mga anim na raan at higit pa na naghihintay sa . . .?. . . naghihintay na nakalista mula sa buong mundo na nagsisikap na makarating para sa mga pakikipag-panayam. Kita n'yo . . .?. . . masyadong kumplikado. Nang tayo'y sadyang nag-iisip ng tungkol dito, ito ay hindi labis na marami. Atin lamang maririnig na . . . Kita n'yo, ito'y sa buong mundo. At kaya tayo ay . . .?. . .

13 Di ko alam kung ang binibining 'yan ay narito sa gusali ngayong gabi (ikatatlumpu't limang biyahe), na sumulat ng isang liham na siya'y paparito bukas? Sa tatlumpu't limang beses na siya'y naparito na hindi man lamang naipanalangin. Palagay ko siya'y wala sa loob ng gusali, siguro hindi nagawang makaparito. Ngunit akin lamang kababasa ang kaniyang liham doon sa likuran.

Ngayon, lagi kong sinisikap na kapag ako'y napaparito sa . . . Kapag ako'y nasa . . .?. . . upang mangusap tungkol sa bagay hindi para lamang magsalita, o hindi sa bagay na makalulugod sa mga tao . . . sinikap kong mangusap tungkol sa bagay na makalulugod sa Diyos at makatutulong sa mga tao (kita n'yo?), para makatulong, na magawa nating lahat, kahit anomang iglesya kayo kabilang, anomang denominasyon, upang kayo ay matulungan sa isang mas malapit na paglakad kasama ng Diyos. At iyan ang ating dahilan ng pagparito: isang mas malapit na paglakad na kasama ng Diyos.

14 At kapag ating nasumpungan na ang araw ay kasing huli na na gaya ngayon, at ang nalalapit ng pagparito ng Panginoon . . . sabi ko sa aking maybahay sa araw na ito, "Kung hindi ako makadalo sa isang rebaybal kung saan, ako— ako'y mamamatay; ako—hindi ko matatagalan ito. Ako . . . May Bagay na sadyang sa kaloob-looban ko na nag-aalab."

15 Oh! Tayo ay kadadako pa lamang sa isang buong serye ng mga pagtitipon kung saan libo-libong mga tao ay dumadalo. At kahit pa na kung kayo ay mayroong dalawa o tatlong milyon na mga tao, kung walang rebaybal, iyan ang tinatawag lamang namin doon sa Kentucky, na isang matagalang pagtitipon. Alam ninyo, tayong lahat ay dumadalo sa isang matagalang pagtitipon sa tawag natin dito. At gusto natin ng isang rebaybal kung saan ang Espiritu ng Panginoon ay kumikilos sa mga tao, at ang mga tao ay naliligtas, at dakilang mga bagay ay nangyayari upang makaganap ng mga bagay para sa Kaharian ng Diyos.

16 At ngayon, sa mga gawaing pananalangin, kadalasan, kami . . . Makikita ninyo kung bakit kami ay hindi makagawa ng isang hanay ng pananalangin dito. Kita n'yo, ito'y sadyang siksikan, hindi ninyo ito magagawa. Kita ninyo? Ngunit

kadalasan sa mga hanay ng pananalangin ay mga tao na mga—pumaparito at kanilang nasusumpungan ang—ang Panginoon na tunay. At nasumpungan natin na ang Panginoong Jesus ay hindi nagbago ni kaunti. Mula sa kung ano Siya noon, Siya ay ngayon, at palaging magiging gayon. At ang sabing Biblia sa Mga Taga Hebreo 13:8, na Siya'y ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. At sa mga kongregasyon ng mga tao nanagkatipon upang pakinggan Siya sa mga araw na yaon, marahil sila ay hindi makapunta sa hanay ng pananalangin; ngunit sila ay mayroong pananampalataya upang sumampalataya. At ang ating Panginoon ay lilingon, sapagkat Siya'y hihipuin ng kanilang pananampalataya, at lilingon, at sasabihin sa mga tao na may mga bagay na mali sa kanila na kanilang nagawa, at para sa kanila na humayo at gumaling, o humayo gumawa ng bagay, gumawa ng bagay na tama, o ibang bagay.

17 Alam natin ang tungkol sa babae sa may balon, at ang babae na inaagasan ng dugo, at, oh napakarami, ang bulag na Bartomeo, na ang kanilang pananampalataya ay hinipo Siya. At ngayong gabi Siya pa rin ang Punong Saserdote ng ating pagpapahayag at sadyang kasing dakila na gaya Niya noon. Ngayon, kailangang ating ipaubaya ang ating mga sarili na maging mga lingkod Niya. Siya ang Puno ng ubas, ang—ang pinagmumulan ng Buhay. Tayo ang mga sanga na tumatanggap ng Buhay na iyan. At ang sanga ang nagbubunga, hindi ang puno. At ngayon, si Cristo ay gumagawa sa pamamagitan ng Kaniyang Iglesya. At sa gayon, kung ating maipapaubaya ang ating sarili sa gayong paraan na ang Banal na Espiritu ay magagawang makapamahala ng lubos sa ating pananampalataya kay Cristo, Kaniyang gagawin ang gayon ding bagay, sapagkat ito'y si Cristo.

18 At kung kayo'y narito na isang baguhan at kasama namin . . . Ngayon, kadalasan ang mga tao rito . . . ? . . . sa tabernakulo . . . Ang aming pastor dito ay mayroong panalangin para sa maysakit halos bawat gabi. At kayo ay naipanalangin ng aming mahabagin at pinakamamahal na pastor, si Kapatid na Neville, ang tao na dinirinig at tinutugon ng Diyos ang panalangin, si Kapatid na Orman Neville. At—at si Kapatid na Don Ruddell, at iyong ibang mga kapatiran na nananalangin para sa may sakit . . . At si Kapatid na Jackson, palagay ko siya'y nasa paligid dito kung saan mula sa ibang kapatid na iglesya roon sa Howard Park.

19 At sa pagkakataong ito kapag ang—ito'y lubos na siksikan, kung kayo lamang ay sasampalataya sa Diyos . . . ? . . . anoman ang inyong pangangailangan . . . At kayo'y isang baguhan at hindi ko kayo kilala, humiling lamang kayo sa Diyos at tingnan kung Siya nga ay hindi ang Siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Tingnan kung Siya'y hindi makapangusap

mismo . . .?. . . kilala Niya kayo; alam Niya kung anong mali sa inyo; tanging bagay na kailangan ninyong gawin . . .?. . . sampalatayanan Siya. At pagkatapos, gagamitin Niya kayo na maging isang kasangkapan at ako para sa iba. Sabi ni Jesus, San Juan 14:7, "Siya na sumasampalataya sa AKIN, ang mga gawang Aking ginawa ay gagawin din naman niya." Ngayon, iyan ay isang sisidlan na nagpaubaya.

20 Ngayon, bukas aming itututuro kung papaano kayo maging sisidlan na iyan, na ang Diyos, ang Banal na Espiritu. . .?. . . gagawa sa pamamagitan ninyo. At kaya. . .Kita n'yo, Siya ay. . .?. . .ang Diyos na nasa isang haliging apoy, pagkatapos Siya ay—nanahan sa Kaniyang Anak, Cristo Jesus; ngayon sa Kaniyang Iglesya. Minsan Siya ay tinawag na Ama, pagkatapos ay Anak, ngayon ang Banal na Espiritu. Ito'y Diyos na ipinapahayag ang Kaniyang sarili sa sanlibutan. Ang tanging paraan upang Siya ay makapasok sa Iglesya ay una mamatay para sa Iglesya upang pakabanalin Ito, upang Kaniyang maipahayag ang Kaniyang sarili sa pamamagitan ng Kaniyang Iglesya. Pagkatapos sabi Niya sa San Juan 15, "Ako ang Puno ng ubas, kayo ang mga sanga," (kita n'yo?), at ang sanga ang siyang nagbubunga. Pagpalain kayo ng Panginoon.

21 At ngayon, bago tayo. . .Para sa aralin ngayong gabi. . . At hindi ko nais na panatilihin kayo nang matagal, 'pagkat nakikita ko ang mga tao ay nakatayo, at ang isa ay kukunin ang kaniyang lugar, at pagkatapos ang iba ay uupo, at iba pa. Kami'y nagsisikap na pilit upang makakuha ng isang—isang pahintulot upang makaupo ang mga tatlo o apat na raan pang mga tao, subalit ang siyudad ay para bang pinipigilan kami dito, sapagkat wala kaming sapat na lugar para pagparadahan. Mayroong na kaming pahintulot mula Indianapolis, at pagkatapos ang siyudad. . .Kami ay kailangang magkaroon ng lugar para paradahan. Oh, kapag tayo ay naglagay ng apat na tao rito sa loob, tayo ay kailangang magkaroon ng sapat na lalagyan upang ilagay ang kotse rito sa labas. At ang lugar ng paradahang ito rito ay talagang sa siyudad, kaya, kita n'yo, sila. . . Kami'y—ang ating simbahan dito ay mga isang piye lamang mula sa guhit ng siyudad. At ang—tunay, ang lansangan, ang dahilan na ito'y ginawa roon . . . Siyempre, ilan sa inyo na mga tao, mga kaibigang kabataan dito, ay hindi maunawaan ito, ngunit ito ay dating isang lawa. At naalala ko noong ako ay isang bata pa, kami'y sasakay sa banda rito, at kami ay kailangang umikot doon sa bukirin at ligirin ang lawa. Ginawa nila ang kalsada sa paligid mismo ng kalsada—paligid ng lawa.

22 At, binili ko ang loteng ito rito. Nananalangin dito mismo kung saan ito ay narito, ang Panginoon ay nagsabi sa akin na bilhin ito mga tatlumpung taon na ang nakakaraan o tatlumpu't dalawang taon na ang nakakaraan, iyan nga, palagay ko. Dito mismo sa isang napakalaking latian at damong kabayo na lagpas

sa aking ulo . . . At nabili ko ng lote ng isang daan at animnapung dolyares, ang sulok na ito—sulok dito mismo, at itinayo ang simbahan.

23 Ngayon, pagpalain kayo ng Panginoon. Nais ko na (kung ito ay matatawag na isang teksto, para sa ilan sa . . .), basahin ang ilan sa nilalaman ng mga naitala; nais kong mangusap sa mga tagapakinig ngayong gabi sa paksang *Ang Impluwensiya Ng Iba*. At bago tayo mangusap o basahin ang Salita, ating iyuko ang ating mga ulo at makipag-usap sa May-akda ng Salita.

24 At ngayon, na ang ating mga ulo ay nakayuko at ang ating mga puso . . .?. . . din sa Kaniyang banal na kagalangan, iniisip ko kung mayroong ilan . . .?. . . ngayong gabi ay mayroong kahilingan na sila—nag-aalab sa kanilang puso, upang maitaas lamang nila . . .?. . . inyong kamay sa Diyos at sabihin sa inyong panalangin, "Panginoong Jesus, mayroon akong pangangailangan. Mangusap sa akin ngayong gabi. Pagalingin ako. Ibigay sa akin ang aking mga pangangailangan sa pananalapi," o anoman ito. Ipinagkakaloob Niya ang lahat ng ating mga pangangailangan. Pagpalain kayo ng Diyos. Mga siyamnapung porsiyento ng kongregasyon.

25 Ama naming Sumasalangit, kami ay lumalapit sa Iyo. Ngayon sa aming pag-iwan sa munting tabenakulong ito ng putik na aming pinananahanan, itong munting bapor na naglalayag sa dakilang karagatan ng buhay, sa pamamagitan ng pananampalataya kami'y umaakyat nang higit na mataas sa Mars, Jupiter, Venus, sa buwan, sa mga bituin, sa Ariwanas, at parating na ngayon sa pamamagitan ng pananampalataya sa Trono ng Ama. Nakikitang nakaupo roon, ang Kaniyang tusok na mga kamay at Kaniyang mga paa; nawa ang Dugong yaon ngayon ay mamamagitan habang aming inilalatag ang aming mga kaloob sa ibabaw ng altar ng ginto sa palibot ng Kaniyang Luklukan.

26 Pinasasalamatan Ka namin una dahil kay Jesus, na Siyang gumawa sa lahat ng mga bagay na ito na maging posible para sa amin sa pamamagitan ng aming pananampalataya na aming hihilingin. Iyong nakikita ang mga kamay, alam Mo kung ano ang tumitibok sa ilalim ng mga puso ng mga tao. At ipinapatong ko ang aking pananampalataya Panginoon sa hain na nasa dakilang ginintuang altar ng Diyos kung saan ang kamanyang ay sinusunog araw-araw. Dalangin ko na Iyong dinggin at tugunin ang kanilang mga panalangin, Ama. Ibigay sa kanila ang mga hangarin ng kanilang puso.

27 At ngayon, sa aming pagkakatipon, Panginoon, ngayong gabi para sa tatlong mga pagtitipon na ito, kami ay narito sa loob ng mainit na gusaling ito ngayong gabi ng walang ibang layunin kundi ang lumakad nang mas malapit kasama Mo. Nalalaman kung ano ang gagawin . . .?. . . Panginoon, kung ano ang gagawin . . . Gaya ng sabi ng propeta, "Silang

nangaghihintay sa Panginoon, sila ay mangagbabago ng kanilang lakas. Sila ay paiilanglang na may mga pakpak na parang mga agila. Sila'y magsisitakbo at hindi mangapapagod; sila'y magsisilakad at hindi manganghihina." Panginoon, turuan kami kung papaano maghintay pagkatapos na kami ay humiling at . . . ? . . . magkaroon ng pananampalataya na malaman na Iyong narinig, at sa Iyong sariling tamang panahon Iyong isusugo ang aming katugunan pababa sa ginintuang mga baitang mula sa mga pasilyo ng Langit papasok mismo sa aming kaluluwa. At aming tatanggapin kung ano ang aming hinihiling, sapagkat sinasampalatayanan namin iyon.

28 Pakabanalin ang aming mga tainga ngayong gabi upang makinig at ang aming mga puso upang tanggapin; at nawa kapag ang gawain ay tapos na, nawa ay aming masabi tulad ng mga nanggaling sa Emmaus na yaon, "Hindi ba't nag-alab ang ating mga puso sa loob natin habang Siya ay nangusap sa atin sa daan." Sapagkat hinihiling namin ito sa Kaniyang Pangalan. Amen.

29 Nais kong bumasa ngayong gabi ng isang bahagi ng Kasulatang matatagpuan sa Aklat ng Isaias. Bukas, tiyakin kung kayo ay mayroong papel, nais ko na inyong . . . ako'y magkakaron ng isang tsart dito o isang pisara upang tipong ilarawan ang aralin. At nais ko na inyong makuha ito kung inyong magagawa, dahil mapag-aaralan ninyo ito kapag kayo ay nakauwi na sa inyong tahanan.

30 Isaias ang ika-6 na kabanata, hangad kong bumasa ng ilang mga talata mula sa kabanatang ito upang maghango ng nilalaman upang—para ngayong gabi.

> *Noong taong namatay ang haring Uzzias ay nakita ko ang Panginoon na* nakaupo *sa isang luklukan, matayog at mataas, at pinuno ang templo ng kaniyang mga tagasunod.*
>
> *Sa itaas nito ay nangakatayo ang mga serapin: bawat isa ay may anim na pakpak; na may dalawa na nagsisitakip ng kaniyang mukha, at may dalawa na nagsisitakip ng kaniyang mga paa, at may dalawa na naglilipad sa kaniya.*
>
> *At nagsisigawang isa't isa, at nagsasabi, Banal, banal, banal, ang PANGINOONG* Diyos *ng mga hukbo: ang buong lupa ay napuno ng kaniyang kaluwalhatian.*
>
> *At ang* patibayan *ng* templo *ay nakilos sa tinig niya na sumisigaw, at ang bahay ay napuno ng usok.*
>
> *Nang magkagayo'y sinabi ko, Sa aba ko! Sapagkat ako'y napahamak; sapagkat ako ay lalaking may maruming mga labi, at ako ay tumatahan sa gitna ng bayan na may maruming mga labi: sapagkat nakita ng*

aking *mga mata ang Hari, ang PANGINOON ng mga hukbo*.

*Nang magkagayo'y nilipad ako ng isa sa mga serapin, na may baga sa kaniyang kamay, na kaniyang kinuha ng mga pang-ipit sa dambana:*

*At hinipan niya niyaon ang aking bibig, at sabi, Narito, hinipo nito ang iyong mga labi; at ang iyong kasamaan ay naalis, at ang iyong kasalanan* ay *naalis*.

*Narinig ko rin ang tinig ng Panginoon, na nagsasabi,* Sinong *susuguin Ko, at sinong yayaon sa ganang amin? Nang magkagayo'y sinabi ko, Narito ako; suguin mo ako*.

31 Ito ay medyo isang—isang mahirap na gawain kapag ating inisip ang—kung ano'ng magiging kahulugan habang ating pinag-aaralan ang pangitaing ito ni Isaias. Ito'y . . . Gustong-gusto ko palagi si Isaias. Siya ay isa sa mga pangunahing propeta. Si Isaias ay isinulat ang buong Biblia. Mayroong animnapu't anim na mga Aklat sa Biblia, at si Isaias ay sumulat ng animnapu't anim na kabanata. Siya ay nagsimula sa pasimula ng paglalang; sa kalagitnaan ng Aklat inilagay niya ang Bagong Tipan at si Juan Bautista; at sa ika-56 at ika-60 kabanata siya ay nagtatapos sa dakilang Sanlibong taon: Genesis hanggang sa Bagong Tipan patungo ng Apocalipsis. Dakilang tao ang Isaias na ito. Katapus-tapusan ay namatay gaya ng isang martir sa ilalim ng pangunahing kaparusahan.

32 Bawat tao sa Biblia na puspos ng espiritu ay namatay o inusig sa ilalim ng pederal na gobyerno. Bawat isa sa kanila na maiisip ninyo: si Moises, ang mga batang Hebreo, at si Daniel, at si Isaias. Si Isaias ay nilagaring pira-piraso sa pamamagitan ng isang lagari. At hanggang doon, kay Juan Bautista, bawat isa sa mga apostol, si Jesus Mismo, lahat ay namatay sa ilalim ng pangunahing kaparusahan o kaparusahang mula sa pederal na gobyerno. At ayon sa paraan ng mga bagay na nagaganap, magkakaroon ng marami pang mga patotoong maidaragdag sa kanilang patotoo isa sa mga araw na ito. Kita ninyo? At kung magkakaroon man ng isang panahon na tayo ay dapat na magsama-sama, ito'y ngayon na.

33 Palagay ko'y narinig ninyo ang tungkol sa pagpupulong na nagaganap doon sa Roma, at tayo'y nagkakaroon—sila'y nagkakaroon ng isang dakilang panahon doon. At sila'y magpapasimula ng isang rebaybal. Ito'y magiging isang pandaigdigang rebaybal, tiyak.

34 Balik sa paksang ito (kukunin natin iyan sa Pitong Mga Tatak)—dito sa paksang ito ng pagiging naimpluwensiyahan.

Si haring Uzzias ay isang batang pastol. Siya ay pinalaki. . . . At gustung-gusto niya ang sa labas. At siya ay naghari sa panahon ng panghuhula ni Isaias. Si Isaias ay natuto mula—mula isa sa iba pang mga pangunahing propeta. At naniniwala ako na

ito ay si Zacarrias, na si Isaias ay nagkaroon ng kaunawaan sa pamamagitan niya, na isang propeta nang si Isaias ay dumating sa tagpo. At si Isaias ay tinawag, siya ay isang—isang propeta. Ang mga propeta ay hindi basta gawa ng tao; ang mga propeta ay ipinanganak na propeta.

35 Ngayon, mayroong isang kaloob ng panghuhula na dumarating sa iglesya, na ang mga tao nagbibigay ng isang hula. Marami sa bahagi ng Katawan ni Cristo ay magagawa 'yan, iya'y sa ilalim ng inspirasyon. Ngunit ang isang propeta ay itinalaga ng Diyos sa Iglesya, itinalaga sa kaloob ng—ng propeta—o ang kaloob upang maging isang propeta, hindi isang tagapanghula.

36 Ngayon, ngayon, nasumpungan natin na ang binatang ito ay naluklok sa trono. Kung nais ninyong magsulat ng ilang mga Kasulatan, ito'y II Mga Cronica sa ika-26 na kabanata. Inyong mababasa kung saan sinasabi na si Haring Uzzias matapos na ang kaniyang ama ay mamatay si A-m-a-s-i-a-s, Amasias—pagkatapos na siya ay mamatay, bilang isang matuwid na lalaki at tumalikod mula sa Panginoon, at pinaslang ng kaniyang sariling bayan—si Uzzikias ay humalili sa kaniyang—o si Uzzias, pala, humalili sa kaniya bilang hari. At siya'y pinaupo sa trono at pinahiran sa gulang na labing-anim na taong gulang, bata pa lamang, ngunit siya ay nasa hanay na maging hari, ganoon pa man isang bata pa lamang. At siya ay gumawa ng mabuti. Ang Biblia ay nagsasabi sa atin na siya ay mayroong ama na makadiyos at isang ina na makadiyos, at siya ay wala nang iba pa sa ganoong uri ng impluwensiya kundi isang makadiyos na bata, sapagkat iyan ang nailagay sa kaniyang harapan sa lahat ng pagkakataon.

37 Alam ba ninyo kung ano ang aking iniisip? Lahat ay mayroong kanilang sariling opinyon. Ngunit isa sa mga pinaka dakila, at sa aking opinyon, ang pinakadakilang presidente na mayroon tayo sa bansang ito ay si Abraham Lincoln. Ngayon, hindi dahil sa siya ay isang Republikano, kundi dahil siya ay kung ano siya, isang lalaking makadiyos. At siya ay pinalaki, at siya—upang paglingkuran ang Diyos. At sabi niya, "Kung may anu mang bagay na nais kong bigyan ng kapurihan," sabi niya, "o naka-impluwensiya sa aking buhay, ay isang makadiyos na ina na nagturo sa akin na manalangin at makilala si Jesus bilang aking Tagapagligtas."

38 Oh! Kung ano ang inyong pamilya ay yaon kayo. Inyong pinalalaki ang inyong anak sa isang uri ng kapaligiran; ito'y mayroong siyamnapu't walong porsiyentong tsansa na mapabuti kaysa dapat kung ito ay inyong palalakihin sa maling paraan. "Palakihin ang bata sa daan na dapat niyang lakaran, at pagka ito'y tumanda na ay hindi ito hihiwalay dito." Palakihin nang tama, turuan ang inyong mga anak na gumawa ng tama: upang

maging tapat, upang maging patas at pantay kahit na sila'y nasa paaralan.

39 Ngayon, maraming pagkakataon na ang mga bata ay mahilig na kumopya sa isa't-isa, at—at nagsisikap na maipilit ang kanilang paraan sa paaralan. Ngunit alam ninyo, palagay ko kung ito'y kukunin ninyo lang sa inyong sarili, kung gayon ito'y isang bagay na inyong—inyong ikatutuwa sa inyong papel na may mabuting marka.

40 Alam ninyo, kung kayo'y magkakaroon ng isang pagsusulit sa susunod na araw, sa halip na maglakwatsa sa buong magdamag, babangon sa susunod na umaga, at mag-iisip, "Buweno, ako'y uupo sa tabi ni *Kuwan* at ni kuwan; sila'y matalino; At sa gayon ako'y—ako ay makakapagkopya sa kanila," kung kayo lamang sa harapan ni Tatay ay magbigay pasasalamat sa lamesa ng agahan, kung inyo lamang sasabihin, "Tatay, alalahanin ninyo ako sa araw na ito, kailangan kong kumuha ng pagsusulit sa kimika," o anoman ito. Pagkatapos kayo, kapag kayo ay mananalangin, Tatay, sabihin, "Diyos, pagpalain si Juan, Maria sa kanilang pagsusulit sa araw na ito." Sasabihin ko sa inyo, ito'y magiging tulong.

41 Alalahanin, makakamtan natin kung ano ang nais natin kung tayo ay hihiling sa pananampalataya na sumasampalataya. Sabi ni Jesus, "Lahat ng mga bagay ay posible sa kanila na magsisisampalataya. Kayo ay wala sapagkat hindi kayo nagsisihingi, at kayo ay hindi humihingi sapagkat kayo ay hindi nagsisisampalataya." Sabi Niya, "Humiling ng masagana upang ang inyong kagalakan ay malubos." Gusto ko iyan.

42 Ang ating katuruan ay tama: Sabihin ang tamang bagay; gawin ang tamang bagay; isipin ang tamang bagay: laging mag-isip ng tama. At ako ay may isang munting salawikain:

> Gumawa ng tama, iya'y tungkulin ninyo sa Diyos.
> Mag-isip ng tama, iya'y tungkulin ninyo sa inyong sarili;
> at kayo'y nakatalagang maging tama.

43 Hindi kayo maaaring pumunta ng silangan at kanluran sa iisang pagkakataon, ni hindi kayo maaaring maging tama at mali sa iisang pagkakataon. Kahit gaano pa ninyo isipin na kayo'y hahantong sa ibang daan, kung kayo'y hindi naglalakbay direkta sa kanluran . . . Hindi kayo makakarating sa silangan kung kayo'y papunta ng kanluran.

44 Kaya itong batang hari na naimpluwensiyahan ng kaniyang ama nang siya ay isang batang lalaki pa at tinuruan ang Israel ng mga alituntunin ng Diyos . . . At pagkatapos biglang-bigla sa kaniyang huling mga araw siya ay tumalikod at nagturo laban sa Diyos. At ang kaniyang sariling bayan . . . Siya'y pinaslang ng kaniyang sariling bayan. Ito sana ay nagmistulang naging isang malaking aral kay Uzzias tungkol dito. Ngunit nasumpungan natin na nang si Uzzias ay umupo sa trono, na

siya ay nagsimula mismo sa paraan na ginawa ng kaniyang tatay, isinasauli pabalik ang mga bagay ng Diyos, ibinabalik ang Israel sa pagsamba sa Diyos. Kaniyang pinalakas ang kaniyang sarili.

45 At nais ko na laging magpasalamat para sa kaniya sa mga kaarawan ng kaniyang kabataan, sapagkat hindi siya sumali sa anomang pulitika. Bagaman ang pulitika ay maaaring laban sa kaniya, ngunit gayon man, siya ay nanatili mismo sa hanay ng Diyos. At ito ay nakapagpangilig sa tuwa rito sa munting, batang propeta nang lubos, hanggang sa siya ay maging isang bayani. Siya ay isang halimbawa kay Isaias na propeta.

46 At si Isaias ay nagpunta sa kastilyo upang manirahang kasama niya, sa palasyo ng hari. Tinawag niya siya sa loob; gustung-gusto niya si Isaias. Si Isaias ay bata rin, at—at siya . . . Sila ay magkaibigan sa isa't-isa. At kung papaano na ang hari . . . Kapag siya ay lalabas doon, at sila—ilan sa mga lalaki ng pulitika ay papasok at sasabihin, "Kinakailangan nating gawin ang *ganito-at-ganoon*," si Haring Uzzias ay dumulog muna sa Panginoon. "Panginoon, ito ba ay kalooban Mo na aming gawin ito nang *paganito-at-paganyan*?" Diyos bigyan kami ng isang presidente na tulad niyan, hindi lamang iyan, kundi bigyan tayo ng mga mangangaral. "Hanapin muna ang kaharian ng Diyos at ang Kaniyang katuwiran, at lahat ng iba pang mga bagay ay idaragdag."

47 Ito marahil ay naging isang malaking impluwensiya, sapagkat minahal siya ni Isaias, sapagkat nakita niya na siya ay isang dakilang tao, at siya—siya ay nananatiling matatag at matibay para sa Diyos. At alam ninyo, sa bawat pagkakataon, sa mga araw na ating kinabubuhayan, sa bawat mga bagay na ating ginagawa, alalahanin, ang publiko ay hindi lamang tumitingin sa pastor, kung ano ang kaniyang itsura— pamumuhay, siya—sila rin naman ay tumitingin sa iglesya.

48 Oh, gaano kasama kapag ating inisip ang sa iglesya. Minsan kung ang pastor ay kabilang sa isang *uri* ng organisasyon o isang kapisanan, at ang organisasyong ito ay ipinadala siya sa isang *uri* ng iglesya, at kung minsan ang mga kamay ng pastor na iyon ay nakagapos sa organisasyong iyon. At ang munting kaibigan ay gustong maglingkod sa Panginoon, at inaakala niya—naturuan na tanging iyon lamang ang paraan na magagawa niya iyon, ay sa paglilingkod sa kaniyang organisasyon. At kung siya ay tumayo at ipinangaral kung ano ang sinabi ng Salita, ay iboboto siya ng iglesya na maalis; at pagkatapos siya'y natatakot na hindi na siya magkakaroon ng pagkakataon kung gayon upang ipangaral ang Ebanghelyo.

49 Subalit oh, ang kailangan natin sa mga pulpito ngayon ay mga lalaki na tulad ni Uzzias noon. Maging ano man ang mga pulitiko sa kaniyang iglesya o mga pulitiko ng anomang bagay, siya ay nagpapatuloy na sumama sa kamay ng Diyos. Siya ay

naghintay hanggang sa masumpungan niya ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON, pagkatapos ay ginawa niya iyon.

Munting . . . Ang munting propetang iyon (batang lalaking mga kasing edad niya) roon sa templong kasama niya, sila'y luluhod na magkasama at mananalangin, walang alinlangan, at hihilingin ang kalooban ng Panginoon, at pagkatapos ay ikukumpara ito sa mga kautusan ng Biblia. Pagkatapos kung ito ay tama, aayusin ito ni Uzzias; kung ito ay hindi tama, susumpain niya ang pulitika kasama niyon. Bigyan tayo ng Diyos ng maraming tulad niyan! At iyan ay nagpangilig sa tuwa kay Isaias sapagkat siya ay ipinanganak na isang propeta.

50 At si Uzzias ay naging isang—isang bayani kay Isaias. Kita n'yo siya ay . . . Dahil sa kaniyang—kaniyang paninindigan para sa Diyos, siya ay naging isang bayani sa mga mata ng matuwid. At maaaring hindi gaanong marami ang matuwid. Nakita n'yo? Ngunit ang bagay na nais nating gawin, ay gawin ang buhay natin na mahalaga para sa Diyos. Mayroong nagmamasid sa inyo.

51 Ako ay mayroong sinusundan nung isang araw. Sa isang kalapit-bahay ay mayroon silang isang . . . Isang malaking iglesyang denominasyonal ay nagkaron ng isang malaking rock n' roll na kasayahan sa dako rito, at sila ay nagsasayawan hanggang mga ganap na ika-1 ng umaga. Kanilang tinutukso ang isa na nagpupunta sa tabernakulo, at sinabi na sila ay mga holy-roller na nagpupunta rito, dahil tayo ay walang denominasyon. At oh, iyan ba ay nagbigay ng pagkakataon sa akin. Maiisip ninyo kung ano ang nangyari. Ngunit ang bagay nito ay . . . Ngayon, ang mga taong iyon . . . Walang alinlangan, ang batang binibining iyon na nagbigkas ng katagang iyon, kung nalalaman lang niya kung ano ang Katotohanan . . .

52 Ako ay nasa mga kabundukan mga ilang linggo ang nakakaraan. At noon nang ako ay papauwi, kami ay bumalik (ang pamilya at ako) para magpahinga sandali, kung saan kami pupunta uli, kung loloobin ng Panginoon, sa susunod na linggo. At pagkatapos, doon isang gabi, nakakita ako ng isang pangitain. At ito ay isang—isang kaibig-ibig, magandang babae, sa tingin ko'y kabataang kababaihang nagtatakbuhan; ang kaniyang kamay ay narito, at siya ay mamamatay ng atake sa puso, isang magandang babae. At siya ay bumagsak at namatay. At ang Anghel ng Panginoon ay nagsabi, "Ngayon, kapag narinig mo ito, tandaan, sasabihin nila na siya ay nagpakamatay, ngunit siya ay namatay sa isang atake sa puso. At ito'y halos ika-4:00 na, kaya sabihin mo na lamang na ganap na ika-4," at pagkatapos ay iniwan Niya ako.

53 At hindi ko ginising ang pamilya roon sa munting kampo ng bakahan (o kung saan ang mga koboy ay nananatili, kung saan kami'y bumalik doon para ikulong ang mga baka), aking—aking hinayaan lamang silang matulog hanggang kinaumagahan. At

pagkatapos, nang sumunod na araw ay binanggit ko ito, at sabi ko, "Isang kabataang babae, talagang kaakit-akit, ay mamamatay—isang atake sa puso." At doon sa lansangan palabas pagkalipas ng dalawang araw, ito ay naroon na sa radyo na ang Binibining ito (hindi ko maisip ang kaniyang pangalan) Monroe, Gng. Monroe. Palagay ko iyan ang kaniyang pangalan sa entablado, o anoman ito; ang kaniyang pangalan ay iba pa. At siya ay namatay, at kanilang sinabing siya ay nagpakamatay.

54 Ngayon, ito ay walang pagkakaiba gaano ko man sabihin ito; sasabihin pa rin nilang siya ay nagpakamatay. Ngunit ang bata ay hindi; siya ay namatay sa isang atake sa puso! At kung inyong mamasdan, ang kaniyang kamay, ay nagsisikap na maabot ang telepono—ang telepono ay nasa kaniyang kamay. Siya'y nagkaroon ng isang atake sa puso. Sinabi nila ang mga tabletang pampatulog ay naroon; kaniyang iniinom ito isang buwan na (kita n'yo?) o higit pa, mula sa botelyang iyon. Siya ay namatay sa isang atake sa puso, at siya'y namatay ng mga apat o limang mga segundo bago maging ganap na ika-4, eksakto.

55 At nabasa ko ang kasaysayan ng kaniyang buhay sa magasin kung papaanong ang kaniyang. . . Siya ay isang anak sa labas; at kung papaanong siya'y naghugas ng napakaraming pinggan; at ang kaniyang ina ay nasa isang pagamutan ng mga baliw; at siya ay naghahangad (ngunit siya ang may pinakamagandang pangangatawan na babae, palagay ko, sa buong mundo)—ngunit siya'y naghahangad ng bagay na hindi kayang bilhin ng salapi. Naisip ko, "Oh, hangad ko na sana ay nakarating ako sa kaniya! Alam ko kung ano ang kaniyang kailangan!" Hayan na kayo!

56 Siguro ang mga kasapi ng mga tanyag na iglesya, pinakamaganda—tanyag na Hollywood, kung saan lahat ng palamuti at palara ay nakalagay. . . Ngunit nakita nila ang mga taong iyon. . . Nakikita niyang sila na namuhay sa buhay na walang pagkakaiba sa kung ano ang kaniyang ginagawa. Kinakailangan nito ng impluwensiya! Kinakailangan nito ng kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli ni Cristo sa gitna ng mga tao, na kanilang makita na si Cristo ay hindi isang rebulto na nakasabit sa loob ng isang gusali, kundi Siya'y isang buhay na Katauhan sa anyo ng Banal na Espiritu, nabubuhay sa lalaki at mga babae, nagdadala ng kapayapaan, at kakuntentuhan, at kaligayahan. Oh, kung tayo ay nakarating lamang doon sa batang binibini bago niya nilisan ang mundo.

57 Ngayon, impluwensiya. Nasumpungan natin na—na ang buhay ni Uzzias ay naimpluwensiyahan ang propetang ito hanggang sa lugar na si Ukkias—Uzzias, pala, ay nagtayo ng mga pader at pinalakas ang kaniyang sarili, at nabawi ang mga lupain at ang pag-aari na pagmamay-ari nila mula sa mga Palisteo, at iba pa, hanggang ang kaniyang katanyagan ay umabot hanggang sa Egipto. At sinasabi ko sa inyo, sa lahat ng mga cronica ng mga Hari, wala sinoman sa kanila maliban

kay Solomon, na tumanyag tulad ni Uzzias. Bakit? Dahil siya ay naglagay ng halimbawa. Siya ay nanatiling kasama ng Diyos, maging anoman ang naisip ng kaniyang bayan, anoman ang naisip ng iba, anoman ang iniisip ng kaniyang mga politiko na nagsisikap na maimpluwensiyahan siya. Siya ay nanatiling tahasan na kasama ng Diyos, at ito—pinagpala siya ng Diyos. Iyon ay isang malaking tulong sa batang propetang ito.

58 Lubos na pinagpapala ng Diyos ang isang tao na magiging tapat sa Salita ng Diyos. Ngayon, siya ay maaaring hindi masyadong kilala, subalit siya'y pagpapalain. At ngayon, ang mga tao ay kailangang mamili, kung gusto man ninyo na kumilos katulad ng ibang mga tao o kung gusto ninyong mapagpala ng Diyos. Ngayon, sadyang makapamimili kayo. Kung kayo'y mamumuhay na katulad ng iba sa kanila, kayo'y pagpapalain nila; ngunit inyong ibaling ang inyong—lahat ng inyong mga hangarin sa Diyos, at kayo'y pagpapalain ng Diyos. Kaya kayo ay kailangan na "Mamili kayo sa araw na ito kung sino ang inyong paglilingkuran," gaya ng sabi ng propeta. "Laging alalahanin ang iyong Manlilikha, muna, palagi."

59 Ngayon, subalit ang. . .Nang ang haring ito ay humantong sa isang dako, sa pagiging isang dakilang lalaki at iniimpluwensiyahan si Isaisas at ang mga matuwid, siyempre, ng kaniyang kaharian, siya ay humantong sa isang dako—siya ay nakaramdam ng pansariling seguridad. At doon kung saan ninyo nagagawa ang inyong pagkakamali. Doon kung saan ang napakaraming matuwid na tao ay nakakagat ang alabok ng kahihiyan, nakakagat ang alabok ng pagkatalo, ay sapagkat sila ay nagsimulang makadama ng pansariling seguridad. Magpapasimula kayong mag-isip na kayo ay namuhay ng napakatagal para kay Cristo, na maging anoman ang Kaniyang ilagay sa inyong harapan, kayo'y mamimili kung gusto ninyo ito o hindi. Kayo'y dapat na magpatuloy sa paglilingkod sa Diyos. Maging anoman kayo noon sampung taon na ang nakakaraan, ito'y kung ano kayo ngayon.

60 Ang hari ay humantong sa isang dako na inakala niya sa kaniyang sarili, na siya ay naitaas. Ang kapalaluan ay pumasok sa kaniyang puso. At iyan ang nangyayari sa atin. Kung inyong ipagpapaumanhin ang pananalitang ito, iyan ang nangyari sa ating mga iglesya sa buong bansa. Sila'y mababuting mga tao na naroon; ilan sa mga pinakamainam sa mundo ay nagtutungo sa iglesya. Palagay ko'y ang pinakamagagaling sa mundo ay nagtutungo sa iglesya. Ngunit ang bagay nito ay, ang—ang sistema ng organisasyon ay nataas. Iyan ang nangyari sa—sa Metodista; iyan ang nangyari sa mga Baptist; iyan ang nangyari sa Nazarene, sa Pilgrim Holiness, sa mga Pentekostal —nataas, pansariling kalooban, makasarili, kapalaluan, na hindi n'yo na masabihan ng anoman. Ang Diyos ay hindi makasumpong ng paraan para makapasok sa kanilang mga puso. Ito'y sapagkat

sila ay naging labis na alam-na-lahat na walang sinumang makapagsasabi sa kanila ng anomang bagay. At sa pagtatayo sa kanilang sarili sa palibot ng pangangatwiran sa mga kapatid, itinayo nila ang kanilang mga sarili sa palibot ng kanilang kredo. At nang kanilang ginawa, iniwan nila ang Diyos doon sa likod.

61 Iyan ang nangyayari sa mga doktor. Kapag sila ay naging makasarili na hindi na nila kailangan ang anomang tulong mula sa Diyos, iyan ang panahon na hindi ko isa—nais na isa'y makipaglokohan sa akin. Kapag iniwan ninyo ang Diyos sa labas ng anomang bagay, kayo ay sadyang—nais ko na iwanan na rin ninyo ako. Kita ninyo? Sapagkat dapat ninyong alalahanin palagi ang Diyos muna! Siya ay naitaas.

62 Napakarami ngayon. . . Kumuha kayo ng isang—isang pamilya sa mga tao na magsisimulang pumunta sa simbahan. At ang Diyos ay pagagalingin ang munting pamilya. Pagpapalain Niya sila, at ibibigay sa kanila ang Banal na Espiritu sa kanilang mga buhay. Ang mga munting bata ay mananalangin sa palibot ng lamesa; sila'y mananalangin bago sila matulog. Ina at ama ay maghahawakan ng mga kamay at mananalangin. At hanggat sila ay nagpapatuloy na tulad niyan, sila'y mananatili na isang pamilya; ngunit hayaan sila na maging. . . Unang bagay alam ninyo, sila ay walang anomang bagay, isang lumang bulok na kotse, marahil, sumasakay dito palibot, o kaya ay naglalakad. Sa wakas sila'y magkakaroon ng isang magandang kotse, isang mas magandang tahanan. At ang unang bagay alam ninyo, sa gayon nais nilang makamtan sa kung ano ang kanilang—ang tinatawag ng sanlibutan na, isang mas mabuting uri upang pakihalubiluan. Sila ay lilipat sa isang ibang kapit-bahay, at doon, kanilang masusumpungan na sila ay naimpluwensiyahan ng maling impluwensiya. Kayo ay dapat na palaging manatili kung saan naroroon ang Kaharian ng Diyos at kung saan bumubuhos ang kaluwalhatian ng Diyos. Manatili kung saan kayo ay mapapakain sa ispirituwal araw at gabi. Pagkatapos ang unang bagay alam ninyo, mga paghihiwalay ay darating sa loob ng tahanan, at makasanlibutan, at sila ay naitaas. Si Uzzias ay ginawa iyan; siya ay naitaas, lubos na kapalalaluan.

63 At ngayon, nakikita natin kung ano ang kaniyang sinubukang gawin. Ngayon, ano ang talagang nangayari sa kaniya nang siya ay nagmataas sa kaniyang puso (tayo'y sinabihan sa Biblia, sa Mga Cronica sa ika-26—ating nasumpungan—II Mga Cronica 26), nasumpungan natin na siya ay pumasok sa templo ng Panginoon na may insensaryo sa kaniyang kamay upang magsunog ng insenso para sa Panginoon. At nang kaniyang ginawa, ang ministro ng templo kasama ang walumpung iba pang mga ministro ay sumunod sa kaniya at nagsabi sa kaniya, "Huwag gawin iyan; ika'y mali. Hindi ka isang ministro. Ikaw ay isang hari, hindi isang ministro."

64 At siya ay nagalit, at siya ay nag-init. At ang kaniyang pagpipigil ay nawala sa kaniya, at kaniyang sinindihan ang insensaryo upang magpatuloy pa rin. At siya ay sinaktan ng Diyos ng ketong doon mismo habang siya ay tumatayo roon sa kaniyang galit; at siya ay namatay na isang ketongin. Kailangan nila siyang ilabas ng templo.

65 Doo'y kung saan natin nais ng isang aral ngayon. Kung ang lalaking ito na pinagpala ng Diyos sa kaniyang kakayahan . . . Ngunit siya ay hindi nakuntento riyan, nais niyang kunin ang lugar ng iba. Ikaw ay hindi maaaring maging anuman . . . Gaya ni Kongresistang Upshaw (inyong maalala siya, siya na—na pilay sa loob ng animnapu't walong taon at napagaling sa pagtitipon doon, alam ninyo. Siya ay isang Kongresista ng Estados Unidos.), sabi niya, "Hindi maaaring maging ikaw na hindi ikaw." Kaya iya'y sadyang totoo. Dapat kayong manatili sa inyong pagkatawag, kung saan kayo ay tinawag ng Diyos.

66 Ngayon, hanggat siya ay nanatiling isang hari, at—siya ay isang pagpapala sa mga tao sa pagiging isang hari. Ngunit nang kaniyang naisip na siya ay isang ministro, magkagayon . . . Inakala niya na dahil siya ay pinagpala ng Diyos, ay maaari siyang maging anomang bagay na naisin niya. Ngunit siya ay isang pagpapala sa mga tao bilang isang hari, ngunit hindi isang pagpapala . . . Siya ay naging isang sumpa sa kanila sa pagsisikap niyang kunin ang lugar ng ministro. At tayo ay maraming ganyan. Lahat ay nais na pasanin ang bola. Kita ninyo?

67 Kapag kayo'y naglalaro ng isang larong pambola (na ito'y panahon ng putbol), ang bagay na nais nating gawin, ay hindi lahat ay magpilit na agawin ang bola palayo mula sa taong maydala nito; ito'y pagsisikap na bantayan ang taong iyan. Protektahan siya; hayaan siyang makapagpatuloy. Tayo'y nagsisikap na makagawa ng isang gol. Kita ninyo?

68 Ngunit maiisip ba ninyo ang isang hari na hindi lubos na naturuan na masusumpungan ang isang tao—sarili nilang tao— dala ang bola tumatakbo patungo sa lugar na ninanais, at pagkatapos sa halip na sikapin na pabagsakin palayo ang kaaway mula sa kaniya, ang kasalungat na koponan, upang hayaan ang sariling kasamahan na may taglay ng bola na dalhin ito, bawat tao ay nagsisikap na agawin ang bola mula sa kaniyang kamay? Aba, kayo'y nakatalagang matalo.

69 At ngayon, mayroon tayong ganoon ding bagay. Kapag ating nakita ang Diyos na dumating sa tagpo, at pagpapalain ang isang bagay, ating panatilihin ang lahat ng mga kaaway na malayo mula rito. Gamitin natin ang ating mga impluweniya bilang mga gamit, hindi mga mananakbo, mga gamit na pangangalagaan ang taga-pagtakbo, hayaan siyang dalhin ang bola patawid, sapagkat walang kalaban, ang tanging gagawin

ninyo ay manatiling tumatakbo. At tayo ay dapat na maging mga kagamitan.

70 Ako ay nangungusap sa buong mundo, alam ninyo, para sa mga Full Gospel Business Man, sa buong mundo, nagtatag ng mga sangay. At hindi katagalan nang, naniniwala ako, ito ay sa Kingston, Jamacia, nang kasama nila si Castro at lahat sila ay naroon sa pagtitipon na ito (o kami'y nagpunta roon sa kaniyang lugar, ganoon nga ang nangyari), at ang mga kilalang tao sa lahat ng mga isla ay naroon; at ang mga mangangalakal na iyon ay nagpipilit na mangaral ng Ebanghelyo. Siya'y wala sa kaniyang lugar. Tayong mga mangangaral ay hirap magkaroon ng sapat na panahon upang ito'y mapanatili sa kaayusan. At sila ay guma gamit ng napakaliit na impluwensiya na matatagpuan nila, at bawat maliit na paraan na *ganitog paraan* at *ganoong paraan*, at pinananatili itong napakagulo na hindi mo alam kung ano ang gagawin.

71 Maraming pagkakataon sa isang—sa loob ng isang iglesya—ang isang munting iglesya ay magkakaroon ng isang rebaybal na ipinagpapatuloy; mayroong isa na magnanais na lumabas dito at pangunahan ang isang pagtitipon sa pananalangin. At pagkatapos, siya'y mayroon ng isang ibang kaisipan mula sa kung ano talaga ang sinasabi ng Biblia, ngunit pinaniniwalaan niya ito sa ganitong paraan pa rin; at siya'y magpapasimula ng isang impluwensiya at mag-aakay sa iba palayo mula rito. Ang bagay na dapat gawin ay ingatan ang Mensaheng ito sa paraan na Ito'y nagpapatuloy, manatiling kasama nito, at ibagsak ang lahat ng bagay palayo Rito, kung tayo'y makakatawid ng guhit ng hanggahan ng mithiin.

72 At sabi ko, "Mga kapatid, may bagay na mali. Kayong mga tao ay mangangalakal. Sa unang banda, hindi ninyo naiintindihan ang pagganap. Hindi ninyo naiintindihan ang pagganap sa ministeryo, dahil ang ministeryo ay isang kaloob ayon sa pagtawag ng Diyos." "Ang Diyos ay nagtalaga sa Iglesya unang-una'y mga apostoles, mga propeta, mga guro, mga ebanghelista, at mga pastor." Itinalaga sila ng Diyos doon para sa ikasasakdal ng Iglesya. Ang mangangalakal ay dapat na magpatotoo. Mga kababaihan, asawang babae, maging kayo man ay ang katulong sa bahay ng iba, magpatotoo. Gawin ang lahat ng bagay na inyong magagawa para sa Kaharian; ngunit huwag na huwag isisingit ang inyong mga sariling kaisipan; basta't sabihin lamang kung ano ang sinasabi ng Mensahe at magpatuloy (kita n'yo?), at sa gayon marahil kayo'y magkakaroon ng ilang impluwensiya. Buweno, huwag subuking mangaral ngayon hanggang ang Diyos, alam ninyo, ay tawagin kayo. Basta't manatili lamang diyan, sa inyong patotoo, dahil kung hindi ninyo gagawin, kayo'y mapupunta sa maling kategorya; at sa gayon ay guguluhin ninyo ang lahat ng bagay. Iyan na nga. At ito ay di nakalulugod sa Diyos. Pinatunayan ito nito rito.

73 Nang ang haring ito . . . Ngayon, nang siya ay sinaway at sinabihan ng katotohanan ng ministro ng gusali, at sinikap na sabihin sa kaniya na siya ay mali, na ang Diyos itinawag 'yan para sa mga anak ni Aaron lamang, at sila ay itinalaga para sa gawaing iyan lamang . . . Iyan lamang ang dapat nilang gawin, sila ay itinalaga para diyan. At ang isang hari, gaano man siya katuwid, o gaano man siya pinagpala ng Diyos, wala siyang karapatang magsunog ng kamanyang. Kaniyang kinukuha ang tungkulin ng saserdote, at hindi niya dapat na gawin ito. At nang siya ay sinaway, siya ay nagalit; ang kaniyang pagpipigil ay nawala, at mismo habang ang kaniyang pagpipigil ay nawala, ang ketong ay lumitaw sa kaniyang mukha. Siya ay napuno ng ketong, at pagkatapos binitiwan niya ang insensaryo at tumakbo palabas ng gusali. Kita ninyo? Nagpipilit na gayahin ang iba, hindi natin dapat gawin iyan.

74 Sa kaniyang galit siya ay nakagawa ng mali, at siya ay sinaktan. Oh, ito nga ay tiyak na isang aral sa batang propeta na ito na makita, ngayon, gaano man kadakila ang isang tao, siya ay kailangang manatili sa kaniyang pagkatawag.

75 Napagtanto ko na ito ay naka-teyp, at alam ko na ito'y—makararating sa buong mundo, doon sa mga kagubatan, at mga Hottentot, at iba pang mga lugar. Itong mensaheng ito rito ngayong gabi ay maisasalin sa mga wika. Ngunit sasabihin ko ito ng buong puso ko, papaanong . . . Maraming mga tao ay nagsasabi, "Bakit hindi ka umanib sa anomang mga organisasyon? Bakit hindi ka sumama sa mga Pentekostal? Bakit hindi ka sumama sa samahang *ito*? Bakit hindi mo na lamang pabayaan ang munting mga bagay na ito?" Papaano ko ito magagawa? Kailangan kong manatili sa Mensaheng iyan!

76 Nang ang Anghel ng Panginoon ay nagpakita roon sa ilog sa Liwanag na iyon tulad ng inyong nakita, at nang ito'y mapatunayan ng gobyerno at sa lahat ng iba pang dako, gayon din ang siyensiya—siyentipikong pagsasaliksik na ito'y ang katotohanan . . . At sabi Niya sa akin na manatili sa Salitang ito. Kung gayon papaano ko Ito maipagpapalit sa isang kredo? Kung ang mga lalaking iyon ay naroon upang gawin iyan, hayaan silang gawin iyon. Subalit tayo ay tinawag upang ipangaral ang Salita! Huwag makipag-kompromiso; manindigan sa Salita!

77 Kaya ngayon nakita ninyo ang dahilan na ito'y isang mapanganib na bagay upang subuking makipag-kompromiso at gawin ang iba pang bagay, o subukin na magmataas sa inyong sarili, at sabihin, "Oh, magagawa ko *ito* at kumita ng higit pang pera. Magagawa ko *ito*, at lahat ng mga kapatid ay sasang-ayon sa akin." Ako ay makakapag-kompromiso sa Salitang ito, at—hanggang siyamnapu't siyam na porsiyento ng mga ministro ay sasang-ayon doon, "Iya'y mainam, iya'y mabuti." At alam ko ngayon, marami sa kanila tinatawag . . . Ano ito? Mga tinapay at mga isda, nakikita ang mga tao ay

gumagaling, at ang mga pagkilala, at ang mga kapangyarihan ng Diyos, at iba pa, ay nahayag. Dadalhin ka nila roon upang gumawa ng mga pagtitipon at upang makaipon ng mga tao roon sa—kanilang mga iglesya at mga bagay; ngunit pagdating sa pagsang-ayon sa Salita, sila'y lalayo mula Rito. Kita ninyo? Hindi ninyo magagawa iyan. Manatili sa Salita!

78 Ngayon, ito ay isang aral sa batang propetang ito, na maging anoman ang sikapin niyang maging, siya ay kailangang manatili sa kaniyang pagkatawag. Oh naku, natutunan niya ang—ang utos ng Diyos sa lalaki. Ang utos ng Diyos sa lalaki ay manatili sa kaniyang lugar. Ang utos ng Diyos sa mga kababaihan ay manatili sa kanilang lugar din. Hindi ninyo maaaring kunin ang lugar ng isang lalaki. Sinisikap nilang gawin ito, ngunit huwag ninyong gawin ito. Lalaki, huwag kunin ang lugar ng mga kababaihan, huwag manamit na tulad ng mga kababaihan. At kababaihan huwag manamit na tulad ng lalaki. Ang Biblia ay nagsasabi na ito'y mali ang gawin iyan. Sinasabi ng Biblia, "Ang babae na nagsusuot ng damit na para sa isang lalaki, ay karumihan sa harapan ng Diyos, isang karumal-dumal." Kita ninyo? Ngunit ngayon napakahirap mong kilalanin ang isa mula sa iba. Kita ninyo? Ngayon, ano ang gagawin ninyo, kundi ang sadyang sumigaw laban dito? Buweno, kung gayon kapag inyong gagawin iyan . . .

79 Nakita ba ninyo ang utos ng korte nitong sanlinggo na ito rito sa Indiana? Anong kahihiyan! Kulang sa labinlimang taon ang nakalipas isang pamilya rito sa Port Fulton (palagay ko ilan sa miyembro ng pamilya ay narito ngayong gabi)—dito sa Port Fulton, kanilang pinauwi ang isang munting babae mula sa paaralan dahil sa pagsusuot ng shorts sa paaralan. At sa—nitong sanlinggong ito kanilang sinisikap na isakdal at paalisin sa paaralan (at kanilang ginawa ito), isang munting batang babae na tumangging magsuot ng shorts sa paaralan. Anong nangyayari sa ating bayan? Akala ko ba ito ay isang lupain ng malaya; Akala ko mayroon tayong karapatang—kalayaang panrelihiyon.

80 Ang amang ito ay tumindig at sabi, "Iya'y labag sa aming panrelihiyong paniniwala para sa aming mga anak na magsuot ng shorts, ang aming munting babae na labing-anim, labimpitong taong gulang, na magsuot ng shorts; iya'y labag sa aming panrelihiyong paniniwala." At kanilang pinauwi at inalis ang bata mula sa paaralan.

81 Aking naunawaan na ang bawat isa na hindi sasang-ayon at sumali roon sa—doon sa—sa pandaigdigang pagkakasundo ng pakikipagkaisang ito na kanilang sinisikap na buuin upang isama—at pag-isahin ang lahat ng mga iglesya ng sama-sama, ang pederasyon ng mga iglesya, na ang lahat na hindi sasali at makipagkaisa rito, kanilang ipinaghahanda sila ng isang maliit na probinsiya; kanilang ipadadala sila roon sa Alaska. Kayo ay

maaring maging handa para sa malamig na panahon, 'pagkat ito ay para bang paparating na. Kaya, anong kahihiyan!

82 Ang matagal ko nang kaibigan, si Jim Poole, ang kaniyang anak na lalaki ay tumatayo rito ngayong gabi. Hangad ko na ang kaniyang tatay ay paparito lamang at kung ano ang ginawa ng kaniyang anak na lalaki. At kami ay nagka-usap sa araw na ito sa pamamagitan ng kombersasyon sa telepono, at siya ay nagsasabi tungkol sa, naniniwala ako, isang komentarista ng balita o iba pa, (hindi ko lamang maalala kung sino ito ngayon), ngunit sabi, "Dati-rati na—na ang mga taong Amerikano ay naliligo minsan sa sanlinggo at nananalangin araw-araw," at sabi; "ngayon sila ay naliligo araw-araw at nananalangin minsan sa sanlinggo." Naniniwala ako na mas mabuti pang walang paligo. Ngunit nagpapakita lamang kung papaano tayo nahulog. Anong nangyari sa bayang ito?

83 Mga limang taon na ang nakalipas ako ay nasa Ohio, at ako ay gumagawa ng isang pagtitipon doon sa (ano ang pangalan ng lugar na iyon kung saan ginanap ko iyon doon? [May isang nagsasabi, "Chataqua"—Pat.]—Chataqua. At ako ay nakikinig sa isang balita roon sa hotel, at ito ay nagsabi, "Ang bulaklak ng kalayaan ay namatay sa hapong ito sa isang korte rito sa Ohio."

Ang mga taong Amish, hindi sila naniniwala sa pagpapapasok ng kanilang mga anak sa mga pampublikong mga paaralan na ito. Sila ay mayroong sariling mga paaralan. At dito sa isang kapitbahay kung saan sila ay nakatira, sila ay walang anomang mataas na mga paaralan. Ito'y batas ng Ohio at Indiana (palagay ko'y isang pambansang batas) na ang lahat ng mga bata ay kinakailangang pumasok ng paaralan hanggang sa sila'y labing-anim. At ang lalaking ito ay mayroong dalawang mga anak, lalaki at babae, na wala pang labing-anim; at tinanggihan nila na sila ay papasukin sa mga paaralang pampubliko kung saan kanilang itinuturo ang mga tuntunin ni Darwin (na ang tao ay nagmula sa isang selula, maging isang unggoy; yaon lamang siya, isa lamang niluwalhating unggoy at. . .) At kaya, sila ay hindi sumasang-ayon diyan, at ayaw nilang payagan ang kanilang mga anak na marinig ito. At kaya ang mga korte ay ipinatawag sila. At itong munting husgado na nagdudunung-dunungan ay sinabi sa matanda ng may edad nang ama at ina, taglay ang kaniyang gupit na masagwa at nakasuot ng oberol, sabi niya, "Ginoo, ang bayan na ito ng Ohio ay mayroong batas na nagsasabi na ang bata ay kinakailangang pumasok ng paaralan hanggang sa ito'y labing-anim," at sabi; "tinanggihan ninyong papasukin ang inyong mga anak. Ano ang inyong sagot?"

84 Sabi niya, "Kagalang-galang na ginoo, iginagalang ko ang batas nitong kaibig-ibig na bayan kung saan ako ay isang katutubo." Sabi niya, "Subalit naparito kami mga taon na ang nakalipas, ang ating mga ninuno, para sa kalayaan ng

relihiyon, at iyan ang dahilan kung bakit kami ay naririto, para sa kalayaan ng relihiyon. Ang aming relihiyon ay itinuturo sa amin na kami ay hindi naniniwala na tayo ay nagmula sa mga hayop upang maging tao na. . . Naniniwala kami na tayo ay nalalang sa larawan ng Diyos. Kaya nga, ito'y labag sa aming mga paniniwalang panrelihiyon na papasukin ang aming mga anak sa isang paaralan na nagtuturo ng gayon. Kaya nga, wala kaming anomang mataas na paaralan dito para sa aming mga anak upang puntahan. At ito'y hindi dahil sa ayaw naming igalang kayo; iginagalang namin kung ano ang inyong paniniwala; ngunit sa ganang amin, hindi namin pinaniniwalaan iyan, at ayaw namin itong maituro sa aming mga anak."

Sabi niya, "Inyong papapasukin ang inyong mga anak sa paaralan o ikaw at ang iyong asawa ay mananatili ng dalawang taon doon sa pansiyudad na piitan." Sabi, "Ano'ng inyong pasiya?"

Sabi niya, "Ang nanay at ako ay mananatili ng dalawang taon." At sila ay tumalikod at nagsimulang lumabas.

Ang matandang husgado ay medyo nakaramdam ng kaunting pagkasumpa, kaya sabi niya, "Alalahanin, hindi ba sinasabi ng inyong Biblia, 'Ibigay kay Caesar kung ano ang kay Caesar'?"

At ang ama ay lumingon, at kaniyang sinabi, "At sa Diyos. . .?"

Ang lalaki roon sa pahayagan ay nagsabi, "Aba, kung gayon ang kalayaan. . . "

At ang husgado ay nagsabi, "Sinisintensiyahan ko kayo ng dalawang taon."

Sabi niya, "Kung gayon ang kalayaan—ang bulaklak ng kalayaan ay namatay sa silid iyan ng korte sa hapong ito."

85 Ganoon pa man, ang mga Dunkard—o ang mga Amish, pala, gaano man sila kakaiba, sila ay naniniwala sa banal na pamumuhay. At wala ni isa mang talaan saan man sa Estados Unidos kung saan sila ay nagkaroon ng anomang pagkakasala ng kabataan. Wala ni isang tao, isang anak, mula sa kanilang relihiyon ay naging isang masamang bata. Hayaan silang maging kakaiba kahit anoman ang gusto nilang maging; sila'y napalaki ng tama. Hindi ko sila masisisi.

86 Subalit makinig, ang bulaklak ay namatay doon mismo noon, ngunit mga sampung minuto ito ay muling nabuhay. Ang taga-usig na abogado, lahat sila, isinantabi ang kanilang mga aklat, at nagsabi, "Kung gayon kami ay nagbibitiw sa aming tungkulin, sapagkat kung iyong lalabagin ang karapatan na iyan na Pang-konstitusyon, kanilang lalabagin ang iba pa sa kanila."

87 Napansin ba ninyo noong isang araw nang ang matandang Obispo ng Metodista na iyon na marunong, kung ano ang

kaniyang sinabi tungkol diyan—sinasabi na ang pananalangin sa—sa iglesya—sa paaralan? Iyan ay hindi Iglesyang Metodista. Ang Obispong iyon ay lubhang marunong upang malaman iyan. Iyon ay ibang grupo na nalalaman kung papaano nila magagawang ipagpilitan ang isang panalangin sa—sa paaralan. Kung kanilang lalampasan iyon, kanilang lalampasan ang iba na kasimbilis ng kanilang magagawa. Kanilang sinusuri ang bawat labasan na kanilang magagawa. Huwag mag-alala, kanilang makukuha iyon.

88 Oh! Nais natin ang krus. Nais natin si Cristo ngayon habang magagawa natin! Huwag magpa-impluwensiya sa tao na maaaring makapagpadala ng isang—maraming pagkain. Huwag ma-impluwensiyahan mula sa tao na magbibigay sa inyo ng isang mas magandang makina upang masakyan, o isang mas magandang tahanan upang matirhan, at ipagbili ang inyong mga karapatang pagkapanganay kay Cristo. Huwag ninyong gagawin iyon! Tingnan kung ano ang inyong ginagawa. Laging sundan ang isang iyan na ang impluwensiya at pinapatnubayan ng Diyos, upang malaman ninyo kung ano—ang Diyos ay kasama nila. Huwag sumunod sa maling impluwensiya. Oo! Mabuti. Huwag subuking kunin ang lugar ng iba.

89 Ang pangitain sa templo, nakita niya sa—sa isang luklukan ang Diyos ay naitaas, ang Diyos na naitaas. Ngayon nakita ninyo, ang haring ito na . . . Siya ay naging isang halimbawa sa harapan ni Isaias, at si Isaias ay nakita na ang haring iyan kaagad nang siya ay umalis sa kaniyang pagkatawag ay—ang Diyos ay sinaktan siya ng ketong. Pagkatapos inisip ni Isaias, "Anong dapat kong gawin?" Si Uzzias ay patay na, siya'y sumandig ng lubos sa kaniyang bisig. At naisip niya na siya ay patay na; anong gagawin niya? Ang buhay mismo ay halos nawala na sa kaniya. Kaya ano ang ginawa ng batang propeta? Siya ay gumawa ng kaniyang paraan papunta roon sa templo upang manalangin. Siya ay nagpatirapa sa may dambana, at siya ay nanangis.

90 Kung minsan ang Diyos ay hinahayaan na ang mga pinaka suhay ay maalis sa ilalim natin. Minsan Kaniyang pinahihintulutan ang karamdaman na saktan tayo. Pinahihintulutan Niya ang mga kabiguan, mga sama ng loob, na saktan tayo. Kung minsan ginagawa Niya iyan upang dalhin kayo kung saan kayo'y maiimpluwensiyahan ng Ebanghelyo. Maging marunong ng husto upang maunawaan ito. Huwag maging lubos na hangal upang lumakad palayo mula rito.

91 Pansinin, alam ni Isaias na siya'y kinakailangang humanap ng bagay na iba. Kaya ano ang kaniyang ginawa? Siya ay nagpunta sa templo; itinaas niya ang kaniyang mga kamay, at siya ay nanangis sa Diyos. At siya ay napadako sa isang pangitain. At nang siya ay napadako roon sa pangitain, nakita niya ang Diyos, hindi sa isang trono rito sa ibaba, ngunit sa mataas, napakataas. Oh, naku! Ang Kaniyang mga tagasunod

ay sumusunod sa Kaniya at naitaas doon sa Sangkalangitan. At nakita niya pabalik-balik sa buong templo, mga Serapin na nagliliparan. Oh, naku! *Serapin* at ito ay nangangahulugang "mga tagapagsunog," ang kahulugan ng salitang *Serapin*. Kung alin ito ay kasunod sa may dambana. Katunayan, ang mga Serapin ay ang isa na tumatanggap ng hain, at nililinis ang mananamba, at pagkatapos ay dinadala siya sa Diyos, ang ginagawa ng Serapin. Ngayon, ang Serapin na ito ay mala-anghel na mga nilalang, at sila ay ang mga pinakamalapit sa Diyos, doon mismo sa dambana. At kanilang tinatanggap ang hain. Ipinapakita nito ang katarungan ng Diyos, na ang kasalanan ay hindi makakarating sa Kaniyang presensiya maliban na ito'y nagkaroon ng kapatawaran para rito. Kita ninyo? At ang mga Serapin na ito . . .

92 Naalala ba ninyo sa Pitong Kapanahunan Ng Iglesya kung papaano nila binantayan yaong mga Ebanghelyo, isa sa bawat gilid? Naalala ninyo, dinala natin sila roon sa hardin ng Eden na may isang nagliliyab na tabak tumatayo roon? Binabantayan nila ang dambana.

93 At si Isaias, ang dakilang propetang iyan, nang siya ay mapasa Espiritu, una niyang nakita ang Diyos na nakaupo ng mataas doon sa Sangkalangitan, mataas kaysa alinmang makalupang hari. Sabi, "Aking nakita *ang* Hari, ang Panginoon nauupo ng mataas at naitaas (kung gayon nakita niya ang tunay na Hari), at ang Kaniyang mga tagasunod ay sumusunod sa Kaniya."

94 At nakita niya ang mga Serapin na nagliliparan sa buong gusali. Ang kanilang mga pakpak ay nakatakip sa kanilang mukha, mga pakpak nakatakip sa kanilang mga paa, at sila ay lumilipad sa pamamagitan ng kanilang dalawang mga pakpak. At sila ay sumisigaw, "Banal, banal, banal, ang Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat! Banal, banal, banal, ang Panginoong Diyos na Makapagyarihan sa lahat!" Anong isang—anong isang musika, anong isang ritmo! Sasabihin ninyo, "Kanila marahil sinasabi ito nang gayon-gayon lang. 'Banal, banal, banal, ang Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat!'" [Si Kapatid na Branham ay nanggagaya—Pat.].

95 Sabi ni Isaias, "Nang sila ay magsalita, ang mga patibayan ng gusali ay nayanig sa kanilang tinig."

96 Hindi lamang nila sinasabi ngayon, "Banal, banal, banal [Si Kapatid na Branham ay nanggagaya—Pat.]." Oh, anong isang tinig. At sabi, "At ang mga patibayan ay nauga at nayanig sa kanilang tinig." Sila ay sumisigaw, ang mala-anghel na mga nilalang na yaon tumatayo kasunod sa tabi ng Diyos, sumisigaw, "BANAL, BANAL, BANAL ANG PANGINOONG DIYOS NA MAKAPANGYARIHAN SA LAHAT!" Anong pangitain! Whew! Oh, naku!

97 Pansinin muli, si Isaias na sumasandal sa bisig ni Uzzias at nakita siyang namatay sa ilalim ng kahatulan ng Diyos; at pagkatapos nakita ang mga banal na nilalang na yaon na kasunod sa tabi ng Diyos, ang Serapin ay sumisigaw, "BANAL, BANAL, BANAL, ANG PANGINOONG DIYOS NA MAKAPANGYARIHAN SA LAHAT!" . . . At silang mga banal na Anghel ay tinakpan ang kanilang mukha. Banal na mga Anghel tinakpan ang banal na mga mukha sa gitna ng isang banal na Diyos, kung gayon sino tayo? At ngayon . . .

98 Oh, kayong Metodista, at Baptist, at mga Presbyterian, at mga Pentekostal, sino tayo? Nang ang banal na mga Anghel ay itinago ang kanilang banal na mga mukha sa ilalim ng isang pakpak upang makatayo sa presensiya ng Diyos, nang ang mga Anghel, isang nilalang na sa katunayan ay higit pa sa mga Anghel . . . Ang mga Anghel ay hindi tumatayo roon, ang Serapin lamang. Sila'y higit pa sa mga Anghel. At ang Diyos ay napakabanal hanggang sa kanilang takpan ang kanilang mukha sa presensiya ng isang banal na Diyos. At ang tanging bagay na masasabi nila ay, "BANAL, BANAL, BANAL ANG PANGINOONG DIYOS NA MAKAPANGYARIHAN SA LAHAT!" Whew! Isang natatanging pantakip para sa kanila upang makatayo sa presensiya ng Diyos . . . Anong uri ng pantakip ang ating kailangan? Sila ay kailangang matakpan.

99 Ngayon, nais kong sabihin ito ngayon mismo: ang Dugo ni Jesus Cristo ay sapat-sa-lahat. Kita ninyo? Si Cristo ay hindi kailanman namatay para sa kanilang mga Serapin. Hindi, hindi! Ngunit sila ay mga nilalang na nalalang. Tunay na hindi Siya namatay para sa mga Anghel; Siya ay namatay para sa mga makasalanan. Tunay na hindi Siya namatay para sa banal na mga tao; Siya ay namatay para sa hindi banal. At habang inyong iniisip na kayo'y banal, wala Siyang nagawang mabuti para sa inyo. Ngunit kapag inyong napagtanto na kayo'y wala, kung gayon Siya ay namatay—Siya ay namatay para sa inyo. Kita ninyo? Kapag inyong napagtanto na kayo'y wala, kung gayon Siya'y ang Isa—kayo ang isa na dahilan ng Kaniyang pagkamatay. Ang Diyos ay lubos na banal. Walang anomang bagay sa Kaniya kundi kabanalan; iyon lang, ka dalisayan.

100 Ngayon, ating pansinin ang mga pakpak na ito para sa ilang mga minuto. Nasumpungan natin na ang dalawang pakpak ay pinantakip niya ng kaniyang mukha. Naku, isipin! Maging ang banal na mga Anghel ay tinakpan ang kanilang banal na mga mukha sa presensiya ng isang banal na Diyos. At ang tanging bagay na masasabi nila ay, "Banal, banal, banal ang Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat! Banal, banal, banal ang Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat!" At tayo'y nasabihan na sila ay sumisigaw sa araw at gabi. Iyan ang unang hakbang mula sa Diyos na bumababa. Araw at gabi, walang humpay. At sa akala ba ninyo tayo ay gumagawa ng labis na

ingay. Ano sa iniisip ninyo tungkol sa milyun-milyon niyaong mga nakapaligid sa trono na may tinig na yumanig sa mga patibayan ng templo nang isa lang sa kanila ay sumigaw, "Banal, banal, banal"? Alam ninyo, ito'y ang kaniyang tinig ang yumanig sa templo, nang milyun-milyon sa kanila ay sumisigaw sa palibot ng trono ng Diyos. "Banal, banal, banal, ang Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat! Banal, banal, banal, ang Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat," na ang mga pakpak ay tumatakip sa kanilang mga mukha, mga pakpak na tumatakip sa kanilang mga paa, na ang mga pakpak sa pagpipitagan, mga paggalang, Oh, naku!

101 Ngayon ay walang pitagan o mga paggalang para sa anomang bagay na nangungusap tungkol sa kabanalan. Mangusap kayo tungkol sa kabanalan, kayo'y tatawaging isang holy roller. Walang pitagan, walang mga paggalang kahit man sa Diyos, sa Kaniyang mga tao, o sa Kaniyang Salita.

102 Ngayon, saan hahantong ang lupon na ito? (Palagay ko ika'y tama, Ben. Tinamaan mo ang pako sa ulo sa pagkakataon na iyon, Anak. Oo, iya'y sadyang tama.) Saan hahantong ang grupong ito na walang paggalang kung gayon? Saan hahantong ang lupon na ito na walang paggalang (iyan nga!), ang ilan na wala man lamang paggalang sa Diyos.

103 Alam ninyo, dati-rati kung ang isang babae o isang lalaki ay nagsabi na sila ay isang Cristiyano, ang mga tao ay iginagalang ito; ngunit ngayon gusto lamang nilang makita kung gaanong katatawanan ang magagawa nila mula rito. Kita ninyo? Walang galang na grupo! Naku! Bakit? Alam ninyo kung ano? Ito ang dahilan. Sila'y walang malay na iya'y ang Katotohanan. Sila'y walang malay sa Diyos. Hindi nila naalala na ang Biblia ay nagsasabi, "Na ang mga Anghel ng Diyos ay nagkakampo sa palibot niyaong mga nanga tatakot sa Kaniya." Hindi lamang sila dumarating at dinadalaw sila; sila—kanilang itinatayo ang kanilang mga tolda. Amen! "Ang mga Anghel ng Diyos ay nagkakampamento sa palibot nila na nangatatakot sa Kaniyang Pangalan." Sila'y nanatili roon araw at gabi.

Ang matandang itim na kapatid na lalaki ay inawit ang awit na iyan, *Ang Mga Anghel Ay Patuloy Na Nagmamasid Sa Akin*. Sabi,

> Buong araw buong gabi mga Anghel ay patuloy
> na nagmamasid sa akin . . .

104 Iya'y tama. Buong araw at buong gabi, mga Anghel ay patuloy na nagmamasid sa akin. Sabi ni Jesus patungkol sa kanila na mga maliliit, sabi, "Mag-ingat na hindi ninyo matisod ang isa sa kanila, sapagkat ang kanilang mga Anghel ay laging minamasdan ang mukha ng Aking Ama na nasa Langit." Kita ninyo? Sila'y laging nagkakampo sa palibot, nagmamasid sa kanila. At ni hindi nila pinaniniwalaan iyan, mga taong hindi

maka-diyos. Tayo'y tutungo sa kung ano ang kabanalan at di-kabanalan sa umaga, kung loloobin ng Panginoon.

105 Ngayon pansinin, ni hindi nila pinaniniwalaan iyan. Kanilang nawala ang lahat ng magandang asal, lahat ng paggalang, lahat ng pagka-pitagan, at ganoon pa man ay pumupunta sa simbahan. Ang pinaka-walang pitagang lupon na mayroon, ay sila na pumupunta sa simbahan. Iya'y tama.

106 Isang matandang kontrabandista ng alak, gumagawa at nagbebenta ng alak na 'di-legal, naglalakad sa lansangan, nagdaraan sa paligid, at medyo lasing, makipag-usap ka sa kaniya tungkol sa Panginoon, siya'y titindig at makikipag-usap sa iyo. Ilan sa mga sobrang makaluma na iyon, tinaguriang mananampalataya, mga miyembro ng iglesya, ay tatawa mismo sa inyong harapan, 'pagkat ayaw nilang . . .?. . . Tiyak! Sila'y walang pitagan. Akala ninyo kayo ay kailangang mapabilang sa kanilang munting grupo o kayo ay ni hindi namumuhay sa kanilang panig ng lansangan. Kita ninyo? Ito'y ang katotohanan. Walang pitagan.

107 Ngayon, ang mga Anghel na ito, kapag sila ay nasa presensiya ng Diyos, sila ay . . . Paniwalaan ito . . . Sabi ni David (inyong naalala tayo ay nagkaroon dito ilang mga gabi na ang nakalipas nang ako ay nangangaral sa isang bagay), at sabi niya—sabi ni David, "Lagi kong inilalagay ang Panginoon sa aking harapan, nang ako ay hindi matinag. Gayon pa man," sabi niya, "kung gayon kapag ginawa ko iyan, ang aking laman ay hihimlay sa pag-asa." Oo, ginoo! "Dahil alam ko kung ano . . . hindi Niya iiwan ang aking kaluluwa sa impiyerno, ni hayaan na ng Kaniyang Banal ay makakita nang kabulukan. Sapagkat ang Panginoon ay laging nasa aking harapan."

108 Saan man kayo magpunta, ilagay ang Diyos. Kung ang isang tao ay magalit at magsalita sa inyo ng masama, ilagay ang Diyos sa pagitan ninyo at niya. Kung ang isang lalaki ay tawagin kayong isang holy roller, ilagay ang Diyos sa pagitan ninyo at niya. Kung ang asawang babae ay magalit sa inyo, ilagay ang Diyos. Kung ang asawang lalaki ay magalit, ilagay ang Diyos. Kung ang mga bata ay magpabigat sa inyo, ilagay ang Diyos. Kita ninyo? Anoman ang inyong gawin, ilagay ang Diyos. Kung si tatay at si nanay ay bigyan kayo ng kaunting pagpalo at ituwid kayo, ilagay ang Diyos. Natatandaan kung ano ang sabi ng Diyos tungkol diyan? "Palakihin ang bata sa daan na dapat nitong lakaran." Kita ninyo? Laging tandaan, ilagay ang Diyos. Ilagay ang Diyos sa inyong unahan, at kayo'y magkakaroon ng pagka-pitagan para sa Diyos at paggalang para sa Kaniya. Iya'y tama.

109 Ngayon masdan! Dalawang pakpak ay ipinantatakip niya sa kaniyang mukha at dalawang pakpak . . . Iyan ay nangangahulugan ng pagka-pitagan, pagka-pitagan sa harapan ng Diyos, nakayuko-tinakpan ang kaniyang mukha. Ngayon, tayo—tayo ay walang anomang mga pakpak upang ipantakip

sa ating mukha, iniyuyuko natin ang ating ulo sa Kaniyang paanan, iniyuyuko ang ating mga ulo at nananalangin sa pagkapitagan, paggalang. Oo ginoo! Kilalanin ito. At dalawang pakpak tinatakpan niya ang kaniyang mga paa. Ang kaniyang mga paa . . . Tinakpan, ang kaniyang mga paa—kumakatawan sa kababaang-loob at paggalang.

110 Tulad ni Moises, si Moises sa—ang paggalang sa Diyos sinasabihan siya na siya ay nasa banal na lupa, inalis niya ang kaniyang sapatos. Kita ninyo? Mayroon siyang ginawa sa kaniyang mga paa. Si Pablo sa paggalang sa Diyos, pagkapitagan . . . Nang ang Anghel ng Panginoon ay dumating sa kaniyang harapan sa Haliging Apoy na iyon, siya'y nasubasob sa lupa sa kaniyang mukha. Paggalang! Si Juan Bautista, mayroon siyang lubos na paggalang nang makita niya si Jesus paparating, sabi niya, "Ako'y ni hindi karapat-dapat upang hipuin ang Kaniyang mga paa." Kita ninyo? Ang mga paa, nagpapakita ng paggalang. Kita ninyo?

111 Oh! Maging may kamalayan, narito ang natatanging bagay upang maging may kamalayan: ang inyong kaliitan. Kung nais ninyong makarating sa kung saan na kasama ang Diyos, gawin ninyo ang inyong sarili na talagang maliit. Huwag ninyong gawing malaki ang inyong sarili tulad ni Uzzias. Siya ay pumasok doon, at kaniyang—kaniyang sinabi, "Gagawin ko pa rin ito kahit papaano, maging ako . . . Wala kayong karapatan na pagsabihan ako." Kita ninyo? Dapat sana ay ginawa niya ang kaniyang sarili na mababa. "Oo, mga Lingkod ni Cristo, ipagpaumanhin ako." Hindi sana siya nagkaroon ng ketong. Hindi! "Alam ko na iya'y inyong trabaho; tinawag kayo ng Diyos. Iya'y inyong opisina. Kayo ay magpatuloy at gawin iyan, mga Ginoo. Labis kong ikinalulungkot." Umatras, mayroon sanang ibang nakasulat sa Aklat na ito. Subalit nang siya ay itinuwid, siya ay nagalit.

112 Maitutuwid ninyo ang mga tao tungkol sa isang bagay o pagsabihan sila tungkol sa kanilang maling gawain, kanilang iiwan ang iglesya. Gusto nila . . . pumaroon sa iba, pagsabihan ang mga kababaihan na hindi sila dapat gumayak na maikli ang buhok, "Buweno, ako'y paroroon sa iba kung saan sila ay makapaggagayak nito."

113 Isang binibini ay naparito minsan noon . . . pinapunta ko roon ang aking asawa. Kami ay nasa isang pagtitipon; siya ay walang panahon upang hugasan ang kaniyang buhok, at siya . . . sinabihan ko siya na pumaroon sa isa sa kanila roon sa mga lugar ng pagpapaganda at hugasan ang kaniyang buhok. Siya ay pumunta roon, at ang binibining iyon ay ni hindi malaman kung papaano iayos ang kaniyang buhok. Kailangan niyang ipilipit ito ng paikot sa ibabaw ng kaniyang ulo. "Sige na," sabi, "hindi pa ako naghugas ng buhok ng sinoman—na may mahabang buhok."

Wala siyang nalalaman na anoman tungkol dito. Hindi ko alam. Oh, naku! Kita ninyo?

114 Hindi nila nalalaman kung ano ang tungkol Dito. Bakit? Ito'y dahil sa mahihinang mga pulpito na kanilang kinauupuan (iyang—iyan!) ang mga pulpitong mahihina na ayaw sabihin ang Katotohanan. Sila ay nakikipagkompromiso Rito. Kita ninyo? Mas mabuting . . . Mas makakabuti sana kung inyong pakikinggan ito . . . At kayo ay makipag-usap sa isa sa kanila, sila'y titindig, at magagalit, at sasabihin, "Hindi ko na pakikinggan ang holly roller na iyan uli." Kita ninyo? Sige lang, Uzzias. Iya'y tama!

115 Ketong, bakit, mas gusto ko pang magkaroon ng ketong anomang oras kaysa gayong uri ng ketong; aba, iya'y ketong ng kaluluwa. Kita ninyo? Kapag kayo ay tumayo at nagkaroon . . . Kayo'y naroon mismo napuno uli ng ketong—kasalanan, na mas malala pa kaysa ketong. Ito'y isang ketong ng kaluluwa.

116 Si Uzzias ay maaaring pumaroon at humimlay kasama ang kaniyang mga magulang sinabi ng Biblia. Na siya ay ligtas, dahil nakagawa lamang siya ng bagay na mali. Ngunit kapag ginawa ninyo iyon, na nalalaman ang mas mabuti, kung gayon kayo ay magkakaroon ng ketong sa kaluluwa. At sa gayon walang paraan upang tanggapin papasok ang kaluluwa ng isang ketongin; alam ninyo iyan.

Kaya kung gayon, gawing maliit ang inyong sarili. Ipakumbaba ang inyong sarili sa harapan ng Diyos . . . ? . . . Huwag maging mapagmataas at magalitin; saliksikin ang mga Kasulatan at tingnan kung ito'y tama.

117 May pinagsabihan ako hindi pa katagalan . . . Sabi nila, "Kapatid na Branham, napag-unawa ko na ikaw ay isang Jesus Only?"

Sabi ko. "Mali ang iyong pagkaunawa." Kita ninyo? Sabi ko. "Ako'y hindi Jesus Only."

Sabi, "Buweno, ikaw ay nagbabautismo sa Pangalan ni Jesus."

118 Sabi ko, "Hindi ako ginagawa niyan na Jesus Only." Sabi ko, "Jesus Only na doktrina; sila ay nagbabautismo tungo sa pagbabagong-buhay. Hindi ako naniniwala diyan. Hindi ako naniniwala na kapag kayo'y nabautismuhan na sa Pangalan ni Jesus ay napatawad na ang inyong kaluluwa—ang inyong mga kasalanan; naniniwala ako na si Pedro ay nagsabi, 'Magsisi una; tumalikod, hindi ninyo tinamaan ang pinakapunto; bumalik.'" Magsisi at pagkatapos ipakita sa sanlibutan na kayo ay—kayo ay nabautismuhan. Ako ay naniniwala na . . . Hindi ako naniniwala sa pagiging ipinanganak na muli ay ang bautismo ng Espiritu Santo. Hindi ito bautismo ng Espiritu Santo; ito'y pagiging ipinanganak na muli. Tayo'y ipinanganak muli ng Dugo. Ang selula ng Dugo ay nagmumula sa—ibig kong sabihin, ang selula

ng buhay ay nagmumula sa Dugo. Kayo'y binautismuhan ng Espiritu Santo sa katawan, ngunit kayo'y ipinanganak ng Dugo. Totoo. Kayo'y ipinanganak ng dugo ng inyong ama. Ako'y ipinanganak muli ng Dugo ng aking Ama, at sa inyong—ating Ama, Cristo. Oo, ginoo!

119 Ngunit kita ninyo, hindi natin pinaniniwalaan ang bagay na iyan. Dahil tayo ay nagbabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, hindi tayo ginagawang Jesus Only; talagang hindi. Hindi, ginoo!

120 Oo, ginoo! Si Moises ay ipinakumbaba ang kaniyang sarili sa presensiya nang kaniyang marinig ang tinig na iyan ng Diyos na dumating tulad niyan, sabi, "Alisin ang iyong sapatos." Si Moises ay yumuko at inalis ang kaniyang sapatos. Kita ninyo? Iya'y tama.

121 Si Pablo, nang ang Liwanang na iyan ay isinubasob siya sa lupa . . . Sabi Niya, "Saulo, Saulo, bakit mo Ako pinag-uusig?"

Sabi, "Panginoon, Sino po Kayo?" Kita ninyo, patungo mismo sa lupa. "Sino iyon?"

Sabi, "Ako'y si Jesus (ang Haliging Apoy na iyan)— Ako'y si Jesus. Mahirap para sa iyo ang sumikad sa tinikan."

Sabi, "Panginoon, ano'ng dapat kong gawin?" Siya ay handa.

122 Si Juan Bautista ay nakita Siya na paparating. Isa sa pinakadakilang tao . . . Sabi ni Jesus, hindi kailanman nagkaroon ng isang taong ipinanganak ng isang babae na kasing dakila ni Juan. At nang makita Siya ni Juan, nakilala niya na siya ay napakaliit, sabi niya, "Hindi ako karapat-dapat na mag-alis ng Kaniyang sapatos." Amen!

123 Laging pansinin, ang dakilang tao ay ipinagpapakumbaba ang kaniyang sarili. Ang daang paitaas ay pababa, palagi. Gawing maliit ang inyong sarili, at ang Diyos ay itataas kayo. "Siya na nagtataas ng kaniyang sarili, ay maibababa, ngunit siyang nagpapakumbaba ng kaniyang sarili ay maitataas." Oh naku, gusto ko iyan.

124 Gawing maliit ang inyong sarili; laging maging maliit. Huwag maging ang bigating tao; maging ang maliit na tao. Kita ninyo? Ang Diyos ang Siya lamang dakila sa ating kalagitnaan ganoon pa man. Iya'y tama.

125 Hindi ninyo gustong sabihin, "Ito'y isang banal na iglesya, ang banal na mga tao." Oh, hindi! Ito'y isang banal na Diyos (iya'y tama) at isang di-banal na iglesya at di-banal na mga tao. Iya'y tama. Walang gayong bagay na gaya ng isang banal na iglesya; ito'y isang banal na Diyos sa Iglesya. Ito'y hindi banal na mga tao; ito'y ang Espiritu Santo sa mga tao. Kung gayon kayo'y di tumutukoy sa mga tao; kayo'y tumutukoy sa Espiritu Santo na nasa mga tao. Amen, amen! Iyan ang tamang salita! Amen! Iyan

ay tumama; naramdaman ko ang isang iyan! Oo, ginoo! Gusto Niya iyan; alam ko iyan. Luwalhati! Oo, ginoo! Mabuti.

126 Gawing maliit ang inyong sarili. Tinakpan niya ang kaniyang mukha ng dalawa, pagka-pitagan. Ipinakumbaba niya ang kaniyang sarili sa pagtatakip ng kaniyang mga paa. Ngayon pangatlo, sa dalawa siya ay lumilipad. Inilagay niya ang kaniyang sarili sa pagkilos sa dalawa sa kanila. Siya ay mapitagan sa harapan ng Diyos. Siya ay mapagpakumbaba sa harapan ng Diyos. Hindi lamang iyan, siya ay hindi nanatili lamang doon, kundi inilagay niya ang kaniyang sarili sa pagkilos. Mangusap tungkol sa isang Iglesya. Amen! Inilagay ang kaniyang sarili sa pagkilos. Anoman ang mayroon siya, siya ay handang humayo kasama iyon. Oo, ginoo! Ang tanging bagay na masasabi niya ay, "Banal, banal, banal ang Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat;" ngunit inilagay niya ang kaniyang sarili sa pagkilos kasama niyan. Iya'y tama! Siya ay kumilos. Iyan ang kailangan ng iglesya ngayong gabi, ay una maging mapitagan, susunod na bagay, maging mapagpakumbaba, pagkatapos dalhin ang inyong sarili sa pagkilos. Oo, ginoo!

127 Ipinakita Niya sa propeta . . . Nang ipinakita Niya sa propeta kung papaano Niya ipinapakilala ang Kaniyang mga lingkod, kung papaano ang Kaniyang gagawin, ano ang ginawa ng lalaking ito, ang Anghel na ito? Ang propetang ito ay nakitang ang kaniyang tinig ay niyanig ang mga patibayan doon sa templo nang siya ay sumigaw. "BANAL, BANAL, BANAL, ANG PANGINOONG DIYOS NA MAKAPANGYARIHAN SA LAHAT." At ang gusali ay nayanig, at ang . . . Siya ay sumigaw uli, "BANAL, BANAL, BANAL, ANG PANGINOONG DIYOS NA MAKAPANGYARIHAN SA LAHAT," at ang gusali ay nayanig.

128 Sabi ni Isaias, "Sa aba ko!" Isang propeta, isang pinagtibay na propeta, isinilang na isang propeta, ang pangunahing propeta sa Biblia; at sabi niya, "Sa aba ko, sapagkat ang aking mga mata ay nakita ang kaluwalhatian ng Diyos." Tingnan ang propetang iyan ipinakumbaba ang kaniyang sarili, isang propeta, ang lalaki na dinatnan ng Salita ng Diyos. Subalit nang makita niya ang isang pangitain sa pagkilos, sabi niya, "Sa aba ko, sapagkat ako'y tumatayong napakalapit hanggang sa aking makita ang Presensiya ng Panginoon."

129 Ang ating makabagong mga taong Amerikano ay makikita iyan, at lalakad palayo, at pagtatawanan ito. Iya'y tama.

130 Nang makita niya ang isang pangitain ay nahayag, isang nahayag na pangitain (o Diyos, mahabag Ka sa sanlibutang ito na makasalanan!)—isang nahayag na pangitain, siya ay sumigaw, "Sa aba ko, sapagkat ako'y isang taong may maruming mga labi, at ako ay nananahan sa gitna ng isang bayan na may

maruming mga labi. Ako'y lubos na napahamak; walang bagay na mabuti sa akin."

131 Buweno, sasabihin ninyo, "Purihin ang Diyos, ako ay kabilang sa Presbyterian, Metodista, Baptist, mga Pentekostal; hindi ko kailangang maupo at makinig sa ganoong bagay." Anong pagkakaiba mayroon, anong pagkakaiba.

132 At inyong alalahanin, ang propetang ito, tinawag mula sa kaniyang pagkasilang, at pinagtibay, itinalaga sa kaniyang tungkulin, at naghahanap ng Katotohanan, at siya'y nakasama ng isang hari. Nakita niya ang mga gawa ng Diyos na nahayag, ngunit nang ang isang hayag na pangitain ay dumating, sa halip na ipagmataas siya, sabi niya, "Sa aba ko. Ako'y lubos na napahamak. Ako'y nandito na ngayon, sapagkat ang aking mga mata ay nakita ang kaluwalhatian ng Diyos."

133 At ating makikita ang kaluwalhatian ng Diyos, at tayo'y lilibot at sasabihing, "Isang lupon ng mga holy roller, mga tao na baliw." Hindi nakapagtataka na tayo ay walang nararating.

134 Ngayon alalahanin, sabi ko sa inyo kapag ako ay pumunta rito upang mangusap ng ilang bagay, ito'y makakatulong sa mga tao. Oo, tayo ay dapat na—igalang Ito. Kailangan lamang nating ibigay dito bawat munting paggalang na ating magagawa, kapag tayo ay nakakita ng isang hayag na pangitain mula sa Diyos na ipinangusap, at nalalamang ito'y ang Katotohanan.

135 "Sa aba ko," sabi ni Isaias. "Ako'y nasa isang gusali rito ngayong gabi (o ngayon o maging kailanman ito), at aking nakikita ang kaluwalhatian ng Diyos. Nakita ko ang isang Anghel na nangusap, at nakita ko ang isang bagay ay kumilos. At ako ay tumingin sa itaas doon, at nakita ko ang Diyos ay nahayag dito mismo. Sa aba ko, dahil ako'y isang taong may maruming mga labi, at ako ay tumatahan sa gitna ng isang maruming bayan."

136 Masdan kung anong nangyari. Oh, ano ang Kaniyang ginawa? Ipinakita Niya ang—Isaias na propeta na ang tao ay magiging kagalang-galang, magiging mapitagan sa Kaniyang presensiya. Mapitagan, at mapagpakumbaba, at pagkatapos ay mapasa pagkilos. Iya'y tama! Tumungo sa pagkilos.

137 Tulad ng babae sa may balon, nang makita niya ang isang bagay na naganap, kapatid, siya ay may dalawang pakpak. Siya'y umalis kaagad kasama sila. Siya'y nagpunta roon sa balon ni Jacob upang sumalok ng kaunti sa narumihang tubig na iyon na kanilang pinagtatalunan; ngunit nang siya ay makainom mula sa Bukal ng Buhay na iyon, siya ay kumilos kaagad. Hindi niya sinabi, "Ginoo, pakiusap sabihin sa akin saan mo nakuha ang iyong edukasyon. Saan mo kinuha ang bagay na ito? Paano mo natutunan ito?" o, "Paano mo nalaman na ako ay mayroong limang asawa? Paano mo nalaman kung ano ang mali sa akin? Paano mo nalaman na ako ay isang babaeng taga

Samaria? Paano ma nalaman ang mga bagay na ito?" Hindi siya nagtanong; Kaniyang sinabi, "Ginoo, napagkikilala ko na Ikaw ay isang Propeta. Alam namin na kapag ang Mesiyas ay dumating, sasabihin Niya sa amin ang mga bagay na ito." Oh, naku! Nakilala niya ito ayon sa Kasulatan. At pagkatapos sinabi niya, "Alam ko kapag ang Mesiyas ay dumating, sasabihin Niya sa amin ang mga bagay na ito."

Sabi Niya, "Ako ay Siya."

138 Siya ay kumilos. Papasok doon sa siyudad siya ay nagpunta na kasimbilis ng kaniyang magagawang pagpunta; sabi, "Halikayo, tingnan ang isang Lalaki Na nagsabi sa akin ng mga bagay na aking nagawa. Hindi ba't ito ang siyang Mesiyas!" Nang makita niya ang Katotohanan, hindi niya sinubok na pasanin ang bola, siya—ngunit siya ay tiyak na nagbibigay Dito ng ilang—ilang—maraming paggalang. At siya ay tunay na nagbibigay Dito ng maraming suporta, 'pagkat siya ay nagpunta roon sa kabayanan at sinasabing, "Kayo, halikayo at tingnan. Kung ayaw ninyong maniwala rito, halikayo, sumama kayo sa akin." Luwalhati!

139 Nararamdaman kong tulad ng isang holy roller ngayong gabi. Oo, ginoo! Naku, kung iyan ang paraan na inyong maramdaman ang pagiging isang holy roller, hayaan ako na maging isa. Oo, ginoo! Alam ko Siya'y tama. Alam ko siya'y naririto. Kilala ko ang siya ring Mesiyas na iyan, kilala ko ang siya ring Diyos na iyan, ang siya ring Cristo na iyan, ay narito mismo sa maliit na luma't mainit na gusaling ito ngayong gabi. Mapapatunayan ko ito sa inyo. Amen!

140 Tumingin sa Anghel na iyan ng Panginoon tumatayo roon sa sulok sa itaas mismo ng isang lalaki na nauupo sa banda rito. Ang kaniyang pangala'y . . . Siya'y isang kagalang-galang. G. Witt. Siya'y mula roon sa Virginia (tama!) naghihirap sa sumpong ng nerbiyos. Kung ikaw ay sumasampalataya ng iyong buong puso, ikaw ay makakauwi at gagaling. Sinasampalatayanan mo ba ito, ginoo? Mabuti, umuwi at gumaling; ang iyong sumpong sa nerbiyos ay tapos na.

141 . . .?. . . nauupo sa dako roon; ang kaniyang pangala'y Morriah. Siya ay nanggaling mula sa Illinois. Siya'y mayroong sakit sa tumbong. Kung iyong paniniwalaan iyan, ginoo . . . Sinasampalatayanan mo ba ito? Ako'y isang estranghero sa iyo. Sinasampalatayanan mo ba iyan? Iiwanan ka niya. Haleluya!

Nang ang baga ng apoy ay hinipo ang propeta,
Ginagawa siyang kasing dalisay tulad ng maari;
Nang ang Tinig ng Diyos ay nagsabing, "Sinong hahayo para sa Atin?"
Kung gayon siya ay sumagot, "Narito ako; suguin ako!"

142 Maging anoman ang mga pag-uusig, maging anoman ang krus, "Suguin ako, Panginoon; narito ako!" Gaano man karami ang tumanggi sa iyo, gaano karaming *ganito*, *ganiyan*, o *ng iba pa*, "Suguin ako!"

143 Siya'y iyan ding Mesiyas. Siya'y naririto ngayon. Nakikita ko Siya muli. Amen! Ano ito?

144 Ang babaeng iyon ay tumungo sa pagkilos. Taglay niya yaong mga pakpak at nagsimulang lumipad. Siya ay kumilos kaagad.

145 Nang si apostol Pedro, nang sinunod niya ang Diyos ayon sa Kaniyang Salita isang araw doon sa dagat . . . Siya'y nangisda buong magdamag at walang nahuling anoman. At si Jesus ay lumapit sa kaniya; Kaniyang sinabi, "Ihagis mo ang iyong lambat doon sa kabilang dako ng bangka."

146 Sabi niya, "Panginoon, ako'y isang mangingisda; alam ko kung kailan sila kakagat at kung kailan sila hindi. Alam ko kung saan sila naroroon at kung saan sila'y wala. Subalit ako'y nangisda buong magdamag at ni hindi man lamang nakahuli kahit na isang maliit na isda. Ngayon, kung Iyong sinasabi na ihagis banda roon . . . alam ko na walang isda roon, ngunit sa Iyong Salita, Panginoon, aking ihahagis ang lambat." Ano ang kaniyang ginawa? Siya ay kumilos. Amen!

147 Mayroong isang bautismuhan dito na puno ng tubig. Kung kayo'y hindi pa nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus, panahon na upang kumilos. Kung kayo'y isa lamang na miyembro ng iglesya at hindi kilala ang Diyos sa bautismo ng Banal na Espiritu, ito'y panahon na upang kumilos. Tama? Takpan ang inyong mukha sa paggalang. Takpan ang inyong mga paa sa pagpapakumbaba, at iluhod ang inyong mga tuhod at kumilos. Kung hindi ninyo kilala ang Diyos, kumilos.

148 Nang ang bulag na lalaki na hindi nakakakita, nang si Jesus ay mangusap sa kaniya, at dumura sa ilang putik, at inilagay ito sa kaniyang mga mata, at siya ay napagaling— napagaling. Nang kaniyang nagawa, siya ay kumilos. Ipinamalita niya ang Kaniyang katanyagan. Hindi niya sinubok na sarilinin; ngunit kapatid, isiniwalat niya ang Kaniyang katanyagan sa kabuuan ng mga rehiyong nakapalibot. Ano ang kaniyang ginawa? Siya ay kumilos.

Minsan isang bulag na lalaki ay gumaling at sinabi . . . "Ang Lalaking iyan ay isang makasalanan. Ni hindi mo Siya kilala!"

149 Sabi niya, "Maging Siya man ay isang makasalanan o hindi, hindi ko alam; ngunit itong isang kaisipan ang nalalaman ko, kung saan minsan ako ay bulag, ako ngayon ay nakakakita na." Ano ang kaniyang ginawa? Siya ay kumilos.

150 Iyan ang kailangan ng iglesya. Ang kumilos! Mayroon tayong napakaraming anyo, mayroon tayong napakaraming

karangalang makasanlibutan; kailangan nating kumilos. Amen! Isiniwalat niya ang Kaniyang katanyagan sa lahat ng dako.

151 Ang mga tao sa Pentekostes, wala silang gaanong nalalaman. Hindi nila kayang isulat ang kanilang sariling mga pangalan, ilan sa kanila. Sila ay takot. Sila ay umakyat sa silid sa itaas. Ngunit isang araw ano ang kanilang ginawa? Sila ay umakyat doon sa pagsunod sa Kaniyang Salita. Kanilang tinanggap ang Kaniyang Salita. Oh, kung ang mga tao ngayon ay tatanggapin lamang ang Kaniyang Salita, kung gayon sila ay kikilos. "Magsipanatili kayo roon sa bayan ng Jerusalem." Lucas 24:49.

"Tatanggapin ninyo ang Espiritu Santo pagkatapos na ang pangakong ito—pagkatapos nito ang Espiritu Santo ay pasasa inyo; kung gayon kayo'y magiging saksi sa Akin." Mga Gawa 1:8.

152 Lucas 24:49 sabi, "Narito, aking susuguin ang pangako ng Ama sa inyo: ngunit maghintay sa bayan ng Jerusalem hanggang sa kayo'y mapuspos ng kapangyarihan na mula sa itaas." Gaano katagal? Isang oras, dalawang oras, sampung araw, apat na buwan, anim na buwan, walang anomang pagkakaiba. Hanggang! Gaano katagal iyan? Basta't hanggang. Kapag kayo ay humiling sa Diyos ng anomang bagay, manatili mismo roon hanggang. Amen! Manatili hanggang. Hanggang ano? Hanggang sa ito ay matupad. Angkinin ito! Sampalatayanan ito! Panghawakan iyon! Tumungo sa pagkilos! Magpatoto tungkol dito! Magpatotoo! Huwag matakot. Kumilos!

153 Sila ay nasa silid sa itaas ano? Pinupuri at niluluwalhati ang Diyos. Para ano? Ang pangako; alam nila na ito ay kailangang maganap. Hayan na kayo; kumilos. Tumungo sa pagpupuri sa Diyos hanggang sa ang Pangako ay matupad. Taglay ninyo ang pangako.

154 Kung kayo ay nananampalataya na ang Diyos ay nakapagpapagaling, manatili sa pagkilos. Kung kayo ay nananampalataya na kayo ay Kaniyang tatawagin palabas ngayon, at kayo'y nanghahawakan sa Kaniya, manatili sa pagkilos. Amen! Manatili sa pagkilos! Mayroon kayong dalawang pakpak, kaya gamitin sila. Manatili sa pagkilos! Ipagaspas silang pabalik-balik. "Panginoon, ako ay nananampalataya; Panginoon, ako ay nananampalataya." Hindi lamang kayo sisigaw ng, "Banal, banal, banal"; kayo ay kailaangang magsabing, "Panginoon, ako ay nananampalataya!" Manatili sa pagkilos! Amen!

155 Sila ay nanatili sa pagkilos hanggang sa may dumating na isang tunog mula sa Langit gaya ng isang malakas na hanging umiihip. Pagkatapos nagkaroon ng isang tunay na pagkilos. Pagkatapos sila ay tumungo sa pagkilos.

156 Kapatid na Lalaki, kapatid na Babae, ang ating nakitang naganap sa huling mga araw na ito ay dapat na ilagay tayo sa pagkilos. Amen! Tayo ay dapat nasa pagkilos. Iya'y eksaktong

tama. Tayo ay nauupo sa paligid na para bang ito ay isang bagay . . . At aba, mga tao ay nauupo sa palibot, mga taong Pentekostal; ang Panginoon ay gagawa ng isang bagay; sasabihin nila, "Um! Iya'y talagang maganda." Oh, naku! Medyo hindi gaanong katulad ng isang Serapin na nabubuhay ng malapit sa Diyos. Iya'y tama. Isang mensahero, na siyang mas malapit sa Diyos. Kayo ay naging Kaniyang anak doon sa kabila ng tansong dambana.

157 Ang mga Serapin sa tansong dambana. Ngunit kayo bilang anak na lalaki at anak na babae ay dadako mismo tungo sa presensiya ng Diyos. Hindi kayo kailangang pumaroon sa pamamagitan ng sinomang saserdote at lahat ng mga bagay na ito. Siya ang inyong Saserdote. Kita ninyo? Doon mismo sa Kaniyang presensiya bilang mga anak na lalaki at mga anak na babae. Kapatid, naniniwala ako na tayo ay mayroong higit pa sa mga pakpak. Amen! Taglay natin ang Espiritu Santo. Iya'y tama.

158 Ngunit tayo ay dapat na mapasa pagkilos na may paggalang at pagpapakumbaba, hindi sa pagkilos upang subukang ipagpilitan ang isang bagay sa iba, kundi sa lubos na paggalang at pagpapakumbaba na tayo ay makatutungo sa pagkilos at sabihin, "Sa aba natin, ating nakita ang Presensiya ng Makapangyarihan sa lahat. Nakita natin ang mga pangitain na naganap, sadyang kung ano ang Kaniyang sinabi. 'Ang mga gawa na Aking ginagawa, ay inyo ring gagawin. Higit pa kaysa rito ay inyong gagawin, sapagkat Ako ay paroroon sa Aking Ama.'"

159 Mas marami tayong nakita na naganap kaysa sa nakasulat sa . . . Buweno, mas marami tayong nakitang naganap sa isang pagtitipon kasama yaong mga bagay kaysa sa nakasulat doon sa Biblia. Iya'y tama. Mas marami sa isang pagtitipon kaysa sa nakasulat sa 33 ½ mga taon ng Kaniyang buhay. Iya'y tama. Pag-isipan ito. Nakita natin ito ng ating mga mata. Nakita natin itong naganap. Nakita natin itong ipinagpauna, nangyari, na masdan ito. Pilay, bulag, maysakit, natutuyo, mga bagay na naipagpauna na naganap ng tamang-tama hanggang sa tuldok. Hindi kailanman nabigo. Kapatid, iyan ay dapat na ilagay tayo sa pagkilos na may pagpapakumbaba at paggalang.

160 Magmula doon noon sa mga panahon ng Biblia nang ang Haliging Apoy ay pumasa itaas ng Israel, at Ito ay nagkatawang tao at nanahan sa kalagitnaan natin . . . "Ako ay galing sa Diyos at babalik sa Diyos." Si San Pablo ay nakita Ito at nagpatirapa sa kaniyang mukha. Isang dakilang guro tulad ni Pablo, naturuan sa ilalim ni Gamaliel, sumubsob sa alikabok at sumigaw, "Panginoon, Panginoon, Sino Ka? Ako'y handang sumunod." Isang dakilang tao, kung ano siya noon, isang iskolar; at kaniyang ipinakumbaba ang kaniyang sarili, dahil nakita niya ang Haliging Apoy. Hindi lamang natin Ito nakikita ng ating mga

mata na kumikilos sa ating kalagitnaan, kundi mayroon tayo Nito maging sa siyentipiko. Iyan ay dapat maglagay sa atin sa pagkilos.

161 Nakita natin Ito na gumawa ng gayon ding mga bagay na ginawa Nito noon doon. Ginagawa pa rin nito ngayon. Ang pangako ng Ama. Naku, ano ito? Ito ay dumating upang pagtibayin ang Salita, upang pagtibayin na ang Salita ay totoo. Iyan ay dapat na maglagay sa Iglesya sa pagkilos, hindi ba sa palagay ninyo ay gayon nga?

162 Sa dalawa ay tinakpan niya ang kaniyang mukha sa paggalang. Dalawa tinakpan niya ang kaniyang mga paa, pagpapakumbaba. At sa dalawa siya ay tumungo upang gumawa. Palayo siya ay umalis, inilagay ito sa pagkilos.

163 Ngayon, tayo'y dapat na mapasa pagkilos sa paggalang ng Salita. Tayo ay dapat na nagsasabi sa mga tao.

164 Mga tanda ng Kaniyang pagdating ay naglilitawan, sa lahat ng dako nakikita natin ito na naipapakita sa Salita. Narinig natin ang Banal na Espiritu na pumaritong nagsabi sa atin ng mga bagay na napipintong maganap.

165 Hindi hihigit sa dalawampung taon ang nakalipas mula rito mismo sa gusali ring ito, nagsabi Ito sa pagpasok ni Pangulong Kennedy. Nagsabi Ito ng tamang-tama kung ano ang magaganap, na ang mga kababaihan at iba pa ay ipapasok ang lalaking ito, at tamang-tama kung magiging ano siya. At alam na natin ito nang matagal na, at nagsabi ng tamang-tama kung ano ang mangyayari. At heto ito ngayon. At heto ang kapulungan na iyan paparating, ang Kalipunan ng Iglesya at lahat ay nagsasama-sama. Bakit hindi niyan tayo ilagay sa pagkilos? Iya'y tama. Uh huh!

166 Sa bawat salita gaya ng ipinangusap Niya, ito'y natupad sa atin mismo. Ito ay dapat ilagay tayo sa pagkilos.

167 Tulad ng propeta, nakita natin ang papalabas o ang nalalapit ng pag-alis, ang pagkaila, mga pagtataas ng mga denominasyon, nawala ang kanilang mga lugar.

168 Tulad ni Isaias na tumayo roon, siya ay isang—isang taong maka-denominasyon sa simulapa. Siya ay sumandig sa hari, dahil siya ay isang mabuting tao. Ngunit nakita niya kung ano ang ginawa sa kaniya ng pagtataas sa sarili. Ito ang nag-alis sa kaniya magpakailanman. At nakita natin kung ano ang ginawa ng pagtataas sa sarili ng denominasyon sa iglesya. Inalis nito ang tinaguriang denominasyonal na iglesya palabas sa bilog magpakailanman. Magsabi sa akin ng isa na bumangon pa pagkatapos na ito ay bumagsak. Saan ito naroon? Tumingin pabalik sa buong kasaysayan at tingnan ang anomang iglesya na nahulog. Kara-karaka ng ito ay maitatag, ito ay nahulog, at ito ay hindi na nakabalik pang muli. Si Uzzias ay hindi na bumalik pa roon sa—doon sa templo muli. Siya ay isang ketongin sa

nalalabi pa ng kaniyang mga araw at inilibing na isang ketongin. Oo, ginoo!

169 Ngayon, nakita ng propeta kung ano ang ginawa niyan. Nakita niya iyang—kung ano ang ginawa ng pagmamataas na iyan. "Bakit, tayo ay . . ." o, "Halos bawat . . . Walang sinoman ang makakapasok sa aming mga denominasyon 'libang ito ay kumuha ng isang—isang pagsusuri sa harapan ng isang saykayatris upang tingnan kung ang kaniyang Pag-iisip ay tama o hindi. Siya ay kailangang magkaroon ng isang D.D.D., Ph.D. bago man lamang siya makapasok sa—mangusap sa amin. Ang ating mga sanggunian ay hindi siya tatanggapin kung siya ay hindi." Oh, naku! "Ang pinaka mainam . . . pinakamainam na karamihan ng tao sa bansa'y pumupunta sa . . . Tingnan ang mga kotse na nakaparada sa palibot ng ating mga lugar; sila'y mga Cadillac, at mga Rickenbackers, at iba pa."

170 Nakita natin ang bagay na iyan na namatay. Nakita natin itong patay, at ang buong bagay ay naging punung-puno ng—ng pagpaparatang—naging mga sugat—bulok na mga sugat, sa halip, gaya ng pagtawag ng Biblia rito. Itong lahat ay mga sugat sa kabuuan. Ito ay bumabaho. Iya'y tama. (Sinasabi ko ito ayon sa espirituwal na pangungusap. Kita ninyo?)

171 Nakita natin silang bumitiw sa kanilang pagkakahawak—kapit sa Salita ng Diyos at itaas ang mga kredo. Ano ang nakita nating ginagawa nito? Sinaktan ng ketong, di-pananampalataya. Huh! Naku, oh naku!

Tulad ni Uzzias na sinubok kunin ang lugar ng kaniyang pinahiran—ng pinahirang tungkulin pagkatapos na siya'y saktan, at nasumpungan niya na siya'y nabigo. At nakita natin ang mga iglesyang ito ay nagsubok na kunin ang lugar ng pinahirang tungkulin upang ipangaral ang Salita ng Diyos at naging tuliro rito. Hindi nila alam kung ano ang gagawin. Inilagay ang Salita palayo sa harapan nila, hindi nila alam kung ano ang gagawin. Ito'y kakila-kilabot. "Naniniwala kami na iyan ay para sa ibang araw." Ano ito? Sila'y naguguluhan. Papaano ninyo mapanghahawakan ang tungkulin ng pinahiran ng Diyos at ipagkaila ang Kaniyang pinahirang Salita na Siya mismo sa anyong Salita? Papaano ninyo maikakailang ang Salita ay tama at pagkatapos ay sabihin pa rin na kayo'y pinahiran ng Espiritu?

172 Ang tanging bagay na makapaghahayag sa Salita ng Diyos ay ang Espiritu Santo Mismo. "Kapag Siya ang Espiritu Santo ay dumating, Kaniyang kukunin ang Aking mga bagay na ito at ipakikita yaon sa inyo." Iya'y tama. Papaano ninyo makukuha ang lugar ng pinahirang tungkulin at kabilang sa isang kredo o denominasyon? Sila'y patay! Ang bagay na dapat gawin ay magpatirapa at sumigaw, "Panginoong Diyos, ako'y isang taong may maruming mga labi." Oo, ginoo!

173 Silang mga denominasyon ay sinisikap na kunin ang lugar ng banal na iglesya. "Kami ay naniniwala sa Diyos Ama, Makapangyarihan sa lahat, Lumalang ng mga Langit at lupa, at Jesus Cristo na Kaniyang Anak. Kami ay naniniwala sa banal na Iglesya Romano Catolika," at lahat ng iba't-ibang mga bagay na ito. "Kami ay naniniwala sa komunyon ng mga santo."

174 Ako ay naniniwala sa komunyon ni Cristo. Oo, ginoo! Ako ay naniniwala na ang mga banal ay nasa kaluwalhatian, tiyak. At ako ay naniniwala na tayo ay mayroong isang Tagapamagitan sa pagitan ng Diyos at tao. Oo, ginoo! Ipagpilitan ang bagay na iyan. . . Heto, ang Biblia ay sinasalungat iyan. Sinasabi nila, "Buweno iya'y ang Biblia." Iya'y Diyos! Ang Salita ay Diyos, at ang Salita ay nagkatawang tao at nanahan sa ating kalagitnaan. Ngayon, ang Salita'y nasa ating laman, inihahayag ang Kaniyang sarili, pinahiran ng Espiritu Santo. Panahon na upang kumilos. Iya'y tama.

175 Ang epekto ng pangitain sa propeta (oh, naku!) ay nag-udyok sa kaniya upang ipahayag na siya ay isang makasalanan (pinahirang propeta). Sabi niya, "Ako'y isang taong may maruming mga labi, ako'y mali. Ako'y nakagawa ng mali. Ako'y marumi ako mismo." Siya ay isang makasalanan. Ipinahayag niya ang kaniyang mga kasalanan. Oo, ginoo! Nag-udyok sa isang propeta ng Diyos upang ipahayag na siya ay isang makasalanan; iyan ang nagawa ng pangitain. Ilang D.D.D., Ph.D. ay pagtatawanan ito. Ipagpalagay na dapat ay isang herarkiya ng isang iglesya.

176 Narinig ba ninyo kung ano ang sinabi ng Kardinal doon sa balita ngayon? Sabi niya, "Mayroong ilan na nagtuturo na ang pagbabalik ng Panginoon ay malapit nang dumating." Sabi niya, "Ngunit siyempre, kailangan nating paalisin ang lupon na iyan. Nais nating pag-isahin ang relihiyong pangsanlibutan." Tamang-tama lamang. Kayong mga tao, huwag kayong matutulog ngayon. Ang bagay ay higit na malapit kaysa inyong iniisip. Ang lalaking ito ay halos yaong isa na iyan na hindi kilala si Jose, alam ninyo.

177 Masdan, dumating ng kasing tuso na magagawa nito. Sila ay nakakapit na rito mismo sa huling lugar na iyan, kung saan sila ay bubuo ng isang larawan dito sa pamamagitan ng paggawa ng Kompederasyon ng Iglesya, at ginagawa itong mangusap na sadyang katulad ng ginawa ng hayop, at bibigyan ito ng kapangyarihan upang usigin ang lahat na mga taong banal, at babaguhin ang mga panahon at mga kautusan ng Diyos. Tamang-tama lamang kung ano ang sinabi nito. Tayo'y tutungo diyan maya-maya; masyado nang huli para ngayong gabi, ngunit tayo'y—alam na ninyo ito kahit papaano. Oo, ginoo!

178 Ito ay nag-udyok sa kaniya—nag-udyok sa kaniya upang ihayag ang kaniyang sarili na isang makasalanan. . . ?. . . Bakit,

kung ito'y magiging sa katawagan ngayon, sasabihin nila, "Buweno, ako'y si Doktor *Ganito-at-ganito*."

Narinig ko ang isang obispo na nagsabi, "Kapag ako ay umakyat sa langit, alam ninyo kung ano ang aking gagawin?" Sabi, "Ako'y lalapit kay—kay Jesus at sasabihing, 'kilala Mo kung sino ako? Ako'y si Obispo *Ganito-at-ganito*.'"

Sabi niya, "Oo, narinig ko ang aking ina na nangusap tungkol sa iyo."

Sabi, "Ang mga tao naniniwala sa Biblia ay katulad ng lumulusong patawid ng maputik na tubig; hindi ninyo alam kung saan kayo papunta."

179 Huwag ninyong isipin iyan. Siya ang aking Patnubay. (Ako'y mangangaral tungkol diyan bukas ng gabi.) Oo, ginoo! Kanya kayong papatnubayan patawid sa buong maputik na mga tubig doon upang tawirin, lahat ng mapanganib na mga buhanginan, at lahat ng mga matataas na dako, at mababang dako. Maging saan man ito, papatnubayan Niya ako patawid ng ilog ng kamatayan. Amen! Oh, oo ginoo! Siya'y papatnubay. "Kapag ang kamatayan ay dumating ako'y walang katatakutang masama sapagkat Ikaw ay kasama ko. Oo, kahit ako ay lumakad sa lambak ng lilim ng kamatayan, wala akong katatakutang masama; Ikaw ay naroon."

180 "Kung aking ilalagay ang aking higaan doon sa impiyerno," sabi ni David, "naroon Siya." "Oh, kung ako ay sasakay sa mga pakpak ng umaga, lumipad palayo, naroon Siya. Siya'y laging nasa unahan ko, kaya ako'y hindi matitinag." Amen! Oh, naku! Kunin yaong mga pakpak at tumungo sa pagkilos ngayon. Oo, ginoo!

181 Ang propetang ito ay kumilos kaagad din; siya ay lumuhod sa kaniyang mga tuhod. At sabi niya, "Ako'y isang taong may maruming mga labi." Pagkatapos kaagad pagkahayag niya, ay dumating ang paglilinis. Kayo ay dapat munang maghayag.

182 Nais kong pansinin ninyo, nang ang propetang ito... Isipin ito, isang—hindi...Isang tao na tumindig na kasama ng gobyernong pederal, isang pinagtibay na propeta, at kaagad pagkakita niya sa unang pangitain na iyan...Hindi pa siya nakakita ng mga pangitain noon; siya'y nagkaroon sana ng kaibahan. Kaniyang naramdaman ang pangunguna ng Diyos at humayo ng ayon sa Salita. Ngunit sa pagkakataong ito ay isang hayag na pangitain, at siya ay sumigaw, "Ako'y isang taong may maruming mga labi at ako—lahat ng mga taong ito ay marumi. Sa aba ko, 'pagkat nakita ko ang kaluwalhatian ng Diyos ay nahayag." At tayo ay nakatingin lamang dito. Tayo ay dapat na lumilipad palayo. Kita ninyo, kita ninyo?

183 "Ako'y isang taong may maruming mga labi." Siya ay pumaroon sa dambana, at kaniyang sinabi, "Ako'y isang taong may maruming mga labi, Panginoon. Ano ang magagawa ko, ano

ang magagawa ko, sapagkat nakita Kita na nahayag dito mismo? Nakita ko ang isang Anghel na niyanig ang bagay. Nakita ko siyang magsalita, at may bagay na nayanig sa dako roon." Amen! (Umaasa ako na kayo'y hindi tulog.) Oh, naku! Nangusap at may bagay na nangyari. Luwalhati! Anong nangyari?

184 Pagkatapos nasumpungan nating ipinahayag niya ang kaniyang kasalanan, at sadyang kaagad pagkagawa niya nito, ang dakilang tinig na ito na nangungusap ay lumipad pababa, kinuha ang kaniyang kamay, kinuha ang mga pang-ipit, dumampot ng isang baga, inilagay ito sa kaniyang kamay, lumapit inilagay sa mga labi ni Isaias, at nilinis siya.

185 Pansinin, hindi niya siya ipinadala upang kumuha ng isang Ph.D. na digri. Hindi Niya siya binigyan ng isang aklat ng mga alituntunin upang pag-aralan; ngunit Siya—ang Diyos ay ipinapakita sa propeta na ang Kaniyang panlinis na kapangyrihan ay sa apoy mula sa dambana. Amen! Ang kapangyarihan na panlinis ng Diyos ngayon ay hindi para isalaysay ang isang kredo o umanib sa isang iglesya; ito'y ang kapangyarihan ng Espiritu Santo at apoy na bumababa at nililinis ang isang tao mula sa lahat ng kaniyang di-pagsampalataya. Amen!

186 Ang paraan ng Diyos sa paglilinis ng isang propeta ay sa pamamagitan ng apoy, hindi sa pamamagitan ng isang kredo. Ano ang malalaman ng isang propeta tungkol sa isang kredo? Siya'y gagamitin ng Diyos. Ang Salita ay maipapahayag sa pamamagitan niya, kaya hindi Niya siya mabibigyan ng isang kredo. Siya'y manghahawakan sa kredong iyan. Kaya kinuha Niya ang apoy mula sa dambana at nilinis ang propeta.

187 Pagpapahayag muna, pagkatapos kalinisan sa pamamagitan ng apoy. Luwalhati sa Diyos! Oh, masdan! Pagpapahayag, una, paglilinis, ikalawa, utos, ikatlo. Amen! Ayan na kayo. Una pagpapahayag, "Ako'y mali!" Ikalawa, paglilinis. Pagaaring-ganap, Pagpapaging-banal, at ang Bautismo ng Espiritu Santo. Kita ninyo? Pagpapahayag, paglilinis, pag-uutos. "Humayo kayo sa buong sanlibutan at ipangaral ang Ebanghelyo. Ang mga tandang ito ay susunod sa kanila na nagsisisampalataya." Amen!

188 Pagkatapos ng pagpapahayag dumating ang paglilinis. Pagkatapos ng paglilinis dumating ang pag-uutos. Ipangaral ang Ebanghelyo, pagalingin ang maysakit. Maging anoman ang sabihin ng tao siya . . .

189 Katapus-tapusan ang munting pinakamamahal na propetang iyan ay namatay sa ilalim ng pag-uusig sa pamamagitan ng paglagari sa kaniya ng pira-piraso.

190 Alalahanin, nang itong si Isaias ay ginawa ang kaniyang pagpapahayag na siya ay mali. Siya'y naging lubos na mali; siya'y sumasandig sa kaniyang kredo (kita n'yo?), sumasandig

sa—sa tao, isang pagtitipong gawa ng tao. Nakita niya ang hari na isang dakilang lalaki; siya ay isang relihiyosong tao. Ngunit nakita niya na ang lahat ng tao ay mabibigo. Kita ninyo? Ngunit nang baguhin niya iyan, at tumingin sa itaas dito, at nakakita nang isang pangitain kung Sino ang Diyos, kung gayon sinabi niya, "Nais kong ipahayag na ako'y mali. Iyang mga lumang kredo ay hindi umuubra, 'pagkat sila'y namatay na at nabigo. (Kita n'yo?) Sila'y punung-puno ng ketong, ngunit nakita ko ang kaluwalhatian ng Diyos na nahayag." Ang isang kredo ay hindi maihahayag iyan. Ang isang kredo ay hindi masasabi iyan sa gayong paraan. Ang isang kredo ay hindi magagawa iyan sa gayong paraan. Kinakailangan si Cristo upang gawin iyan sa gayong paraan. At pagkakita na pagkakita niya sa bagay na iyan, sabi niya, "Ngayon, ako'y lubos na naging mali, Panginoon." At pagkatapos dumating ang paglilinis; pagkatapos dumating ang utos. Oh, naku!

191 At noon na nga ang nalinis na si Isaias . . . Nang ang Diyos ay tumawag, "Sinong hahayo para sa Akin," at si Isaias ang nagsabi, "Panginoon, narito ako; suguin ako!" Ang nalinis na propeta.

192 Oh, hindi ba ninyo nakikita ang *Impluwensiya*? Huwag gayahin ang impluwensiya ni Marthela. (Umaasa ako na walang ganiyang pangalan dito.) Huwag gayahin ang mga pangalan ng—ng—ang impluwensiya ng ilang munting babae na pumapasok sa mataas na paaralan na kasama ninyo, o pangkaraniwang paaralan, o ang sumunod na pintuan ng kapitbahay na nagpuputol ng kaniyang buhok at nagsusuot ng mga shorts; huwag gayahin ang impluwensiyang iyan. Huwag gayahin ang impluwensiya ng ilang na-kreduhang pastor na magkakaila ng Salita ng Diyos at bigyan kayo ng isang kredo; huwag gayahin ang impluwensiyang iyan. Ngunit manatili roon hanggang sa inyong makita ang kaluwalhatian ng Diyos ay bumaba, makikita mo ang isang bagay na kumikilos dahil sa epekto nito, at makita itong maganap na tulad lamang sa paraang sinabi ng Diyos. Pagkatapos ay sumigaw, "Sa aba ko, Panginoon; ako ay nagkamali. Linisin ako ngayon, Panginoon. Linisin ako! Espiritu ng Buhay na Diyos na bumaba na sariwa sa akin."

Nang ang baga ng apoy ay hinipo ang propeta,
Ginagawa siyang maging lubos na dalisay;
Nang ang tinig ng Diyos ay nagsabi, "Sinong hahayo para sa atin?"
Kung gayon siya ay sumagot, "Panginoon, narito ako; suguin ako!" (Siya ay handa. Nakita niya ang isang bagay. Oo, ginoo!)

Milyung-milyon ngayon sa kasalanan at kahihiyan ang namamatay;
Makinig sa kanilang malungkot at mapait na pagtangis.

Magmadali, kapatid, magmadali para sa kanilang kaligtasan;
Kaagad sumagot, "Panginoon, narito ako!"

193 May bagay na dapat na maganap. Ito'y huli na kaysa sa ating inaakala. Nawa ang pangitain ng Diyos ay lubos na impluwensiyahan ang mga tao, upang makita nila na ang gayon ding Diyos na nasa templo na kasama ni Isaias ay siya ring Diyos sa Kaniyang banal na dako ngayon. Siya'y nasa banal na dako ng Banal na Espiritu. Siya ang Banal na Espiritu. Siya minsan ay nasa laman; ngayon Siya'y Espiritu na kumikilos sa kalagitnaan ng Kaniyang mga tao, ipinapakita ang Kaniyang sarili na buhay, hindi isang patay na kredo, kundi isang buhay na Cristo, siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Oh, si Isaias, kaagad sumagot, "Panginoon, narito; suguin ako."

Tayo ay manalangin. Na ang ating mga ulo ay nakayuko . . .

Nang ang baga ng apoy ay hinipo ang propeta,
Ginagawa siyang kasing dalisay tulad ng maari;
Nang ang tinig ng Diyos ay nagsabi, "Sinong hahayo para sa Atin?"
Kung gayon siya ay sumagot, "Narito ako; suguin ako!" (Sama-sama.)

Mangusap, Panginoon ko; Mangusap, Panginoon ko.
Mangusap, at ako'y agad na tutugon sa Iyo.
Mangusap, Panginoon ko; Mangusap, Panginoon ko.
Mangusap, at ako ay tutugon, "Panginoon suguin ako!"

194 Ngayon, maaaring ito ay ang inyong kapitbahay; maaaring ito ay ang babaeng kasama ninyo sa trabaho, ang lalaking kasama ninyo sa trabaho, ngunit mayroong mga . . .

Milyun-milyon ngayon sa kasalanan at kahihiyan ang namamatay; (Sa mga kredo at mga denominasyon.)
Oh, makinig sa kanilang malungkot at mapait na pagtangis.
Magmadali, kapatid, magmadali para sa kanilang kaligtasan;
Kaagad sumagot, "Panginoon, narito ako!"

Mangusap, Panginoon ko; Mangusap, Panginoon ko. (Nakakita ako ng isang pangitain mula sa Panginoon; nakita ko itong maganap.)
Mangusap, at ako'y agad na tutugon (Siya'y nangusap na ngayon.)

Mangusap, Panginoon ko; Mangusap, Panginoon ko.
Mangusap, at ako ay tutugon, "Panginoon, suguin ako!"

195 Ngayon, na ang inyong mga ulo ay nakayuko, iniisip ko ngayong gabi, gaya ng sinabi ko sa inyo sa pagparito, sinisikap ko na mag-aral ng bagay na inaakala ko na makakatulong sa inyo. Nakita ninyo ang propetang iyan; siya ay isang dakilang tao. Siya ay isinilang para sa layunin na pagiging isang propeta. Nasumpungan niya na siya'y tumungo sa maling landas; siya ay sumasandig sa bisig ni Uzzias, isang hari. Nakita niya na kayo ay hindi maaaring sumandig sa mga bisig ng laman. Ito'y napapahamak. Ito'y mali. Ngunit tumingin sa itaas at makita ang Diyos na nauupo ng mataas sa Kaniyang trono. Tumingala roon kay Jesus; sabi Niya, "Ako'y ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." Hayaan Siyang itaas kayo sa Espiritu. Masdan at tingnan kung Siya ay hindi siya ring kahapon . . .

196 Nang ang munting Isaias na iyan ay nakita ang pangitain ng Diyos na kumilos pababa at doon sa templo na iyan, siya ay handang ipahayag ang kaniyang mali. Siya ay handang ipahayag na siya ay walang ginawang tama. At siya noon ay lumipad sa bansa; ginawa niya noon ang lahat ng bagay na tama. Lahat ng bagay na magagawa niya, hanggang sa katapus-tapusa'y tinatakan niya ng kaniyang dugo ang kaniyang patotoo.

197 Palagay ko iyan ang mararamdaman nang lahat sa atin. Ilan ang nakakaramdam na nais ninyong sabihin na—marinig ang Diyos na sabihin—na nais ninyong—inyong sasabihin sa Diyos, "Narito, ako; suguin ako!" Itaas ang inyong mga kamay. "Narito ako, pahintulutan akong magpatotoo sa taong maggagatas. Pahintulutan akong magpatotoo sa—sa kanino man na magagawan ko, gumawa ng bagay. Pahintulutan akong gumawa ng isang bagay. Panginoon, ako'y hindi—humihiling na maging isang mangangaral. Hindi ko hinihiling na maging ganito, ngunit, Panginoon, kung ako'y isang magsasaka, gawin akong isang magsasaka na makapagpatotoo sa aking kapwa magsasaka. Pahintulutan ako na maging isang magsasaka na kapag aking ipinagbili ang aking palay, ako ay makapagpatotoo sa tagapangasiwa ng palay. Pahintulutan akong maging isang magsasaka. Kung ako'y isang—kung ako'y isang babae, pahintulutan akong makapagpatotoo sa taong nagbebenta ng seguro. Pahintulutan akong makapagpatotoo sa taong maggagatas, sa batang nagtitinda ng diyaryo. Pahintulutan akong gumawa ng isang bagay, Panginoon. Pahintulutan akong pumaroon sa kapitbahay at makasumpong ng kabutihang loob sa aking kapatid na babae rito sa kabilang pinto na isang masama at mali. Pahintulutan akong magbigay sa kaniya ng isang patotoo na may pagkagiliw. Pahintulutan akong takpan ang aking mukha ng aking mga pakpak ng kapakumbabaan;

pahintulutan akong takpan ang aking mga paa ng gayon din. Pahintulutan akong maging mapitagan sa Iyong Presensiya, ngunit suguin ako na may dalawa pang mga pakpak, Panginoon, kaagad sa iba, 'Narito ako; suguin ako, suguin ako!'"

198 Sa pagkakataong ito tayong lahat ay tumayo kung gayon at gawan ang ating sarili ng isang paghahandog na gawain sa Diyos. Ang Makapangyarihan sa lahat ay narito. Pinaniniwalaan ba ninyo ito? Tayo'y nasa Kaniyang Banal na Presensiya. Huwag kalimutan iyan ngayon. Ang Kaniyang Presensiya ay narito mismo katulad din naman noon . . . Tapatan, mula nang ako'y tumatayo rito, nakakita ako ng apat o limang mga pangitain na naganap na. Iya'y tama. Iya'y tama. Mayroong higit sa dalawa o tatlong mga tao na kabilang dito sa iglesya na walang sinasabing bagay; ngunit Ito'y narito pa rin sa gayon. Mabuti.

Ngayon, ang nais nating gawin, bawat isa sa inyo sa inyong sariling paraan, ating ihandog ang ating mga sarili sa Diyos.

Nakikita natin ang tanda na nagpapakita ng
Kaniyang pinagpalang pagdating;
Narito at tingnan, ang mga dahon ng igos
ngayon ay nagkukulay berde na.
Ang Ebanghelyo ng Kaharian ay umabot na sa
bawat bansa,
At tayo'y nalalapit; ang wakas ay nakikita na.
(Iya'y tama. Iyan ba ay tama?)

Kung gayon masayang lilisan; ating
sasalubungin ang Mensahe ng Kaniyang
pinagpalang pagpapakita;
Hindi magtatagal Siya'y papasok sa
kaluwalhatian upang sabihin sa isa at lahat.
Kung gayon gumising, kayong mga banal ng
Panginoon,
Bakit nangatutulog nang ang wakas ay
nalalapit,
Tayo'y maghanda para sa huling pagtawag na
iyan. (Amen!)

Ang mga bansa ay naghihiwa-hiwalay; ang
Israel ay nagigising; (Siya'y isang bansa na
ngayon.)
Ang mga palatandaan na nasabi ng mga
propeta
Ang mga araw ng Gentil ay nabibilang na,
Puno ng mga panganib, (Nakikita ninyo itong
paparating roon, hindi lamang sa mga bansa,
kundi mga iglesya rin.)
Bumalik, Oh kayong nangagkalat, sa inyong
sarili.

Ang araw ng katubusan ay malapit na;
Ang mga puso ng mga tao ay nangatatakot;
Mangapuspos sa Kaniyang Espiritu,
Ang inyong mga ilawan ay maayos at maliwanag;
Tumingala, ang inyong katubusan ay malapit na.
Mga bulaang propeta ay nangagsisinungaling;
Ang katotohanan ng Diyos ay kanilang ikinakaila,
Na si Jesus, ang Cristo, ay ating Diyos. (Alam ninyo na ganoon nga sila.)

At—ngunit tayo'y lalakad kung saan ang mga Apostoles ay nagsilakad.
Sapagkat ang araw ng katubusan ay malapit na;
Ang mga puso ng mga tao ay nangangatakot;
Mangapuspos sa Espiritu,
Ang inyong mga ilawan ay maayos at maliwanag;
Tumingala, ang inyong katubusan ay malapit na.

199 Punasin ang usok na iyan na maka-denominasyon. Punasin ang makasanlibutang dungis na iyan. Ang Dugo ni Jesus Cristo ay higit sa sapat upang kayo ay linisin. Tumingala! Hayaang ang inyong mga ilaw ay magliwanag. Kunin ang mga pakpak na iyon at lumipad sa sinoman kaagad.

Ating itaas ang ating mga kamay ngayon at sabihing, "Diyos, narito ako; suguin ako."

200 Makalangit na Ama, inihahandog ang aking sarili sa Iyo ngayong gabi, Panginoon, kasama ang iglesyang ito, pagkatapos ng mensaheng ito, mahigpit, matigas, "Narito ako, Panginoon; suguin ako." Narito ang aking iglesya, Panginoon. Nawa'y takpan nila ang kanilang mukha nang kapitagan. Nawa ay takpan nila ang kanilang mga paa sa kapakumbabaan. Nawa ay magkaroon sila ng lakas ng loob na lumipad kasama ang Mensahe, kaagad, para sa iba pa. Ipagkaloob ito, Panginoon. Nawa ay magpatotoo sila na may pagkagiliw, maging asin sa lupa kasama ang kaniyang Tagapagligtas doon. Panginoong Diyos, ito ang aming hain. Ito ang aming handog. Ito ang aming pasasalamat. Ito ang aming pinakaaasam-asam, Panginoon. Suguin kami ngayong gabi sa sinoman na naligaw. Nawa ay hatakin namin sila papasok sa iglesya bukas kung saan. Nawa ay ituro namin sa kanila ang daan ng Panginoon. Nawa sila ay maligtas, Panginoon, sapagkat ito'y huli na kaysa sa aming inaakala. Ipagkaloob ito, Panginoon.

201 Nawa ay tapat ito sa aming mga puso. At sa aming pagbigkas nito, Panginoon, kumuha ng isang baga ng apoy ng Espiritu

Santo mula sa dambana sa Kalbaryo; hipuin ang bawat puso at labi ngayong gabi, Panginoon, upang kami ay hindi magsalita ng mga kasinungalingan, upang aming bigkasin ang Katotohanan. Kunin kami ngayong gabi, Panginoon, kung ano lamang kami. Kaming lahat ay hindi mga mangangaral. Kaming lahat ay hindi mga propeta. Kaming lahat ay hindi mga tagapagsalita ng mga wika. Kaming lahat ay hindi mga manggagawa ng himala; ngunit kaming lahat ay mayroong bagay na dapat gawin. Ipakita sa amin kung nasaan ito, Panginoon. Magpatotoo, awitin ang Iyong kapurihan. At gaya ng tinapay sa ibabaw ng tubig, ito ay babalik balang araw na maluwalhati. Ipagkaloob ito, Panginoon. Narito kami. Suguin kami sa aming mga kapitbahay sa kung saan namin magagawa, sa aming kapwa tao, at sabihin sa kanila ang tungkol sa pagdating ng Panginoon. Ipagkaloob ito, Ama.

202 Pagpalain kami ngayon. Nawa ay magkaroon kami ng magandang pahinga sa aming mga katawan ngayong gabi. Nawa kami ay bumangon at pumarito sa simbahan sa kinabukasan; at nawa Ikaw ay mangusap ng—ng lubos na makapangyarihan bukas, na Iyong hindi iiwan ang isang bagay na hindi tapos, upang ang bawat tao ay malaman kung papaano ang pumasok dito. Turuan kami, Panginoon. Kami'y naghihintay. Turuan kami sa kinaumagahan kung papaano tumungo rito sa buong kapuspusan kung saan kami ay magiging mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Diyos. Kami ay naghihintay sa Iyo, Panginoon, na ang baga ng apoy ay nahahanda upang mailagay sa aming mga labi. Kami'y naghihintay, Ama, sa Pangalan ni Jesus.

203 Ngayon, na ang ating mga ulo ay nakayuko. Aking hihilingin sa pastor kung gayon na lumapit dito para sa pagtatapos ng gawain. Pagpalain kayo ng Diyos. Umaasang makita kayong muli sa kinaumagahan. Ang Diyos ay sumainyo, pagalingin ang lahat ng may sakit at naghihirap sa ating kalagitnaan, gawin ang bawat isa sa inyo . . . aking nararamdaman na puspos ng Espiritu ngayon mismo. Nararamdaman ko ang Espiritu Santo. Nararamdaman ko ang Kaniyang Presensiya. Nalalaman ko na Siya'y narito. Ako'y tiyak na Siya'y narito. Nakikita ko Siya; alam ko na Siya'y narito. Nakikita ko Siyang kumikilos, ang dakilang Haliging Apoy na iyan. Luwalhati! . . . ? . . . ang kapahayagan ng Kaniyang Persona, ang pagka-diyos ng Kaniyang Presensiya . . . ? . . . ang Kaniyang kagalang-galang na Persona. Diyos, liliman ang mga taong ito; huwag hayaan na ang isa man sa kanila ay maligaw, dalangin ko. Luwalhati sa Diyos!

*ANG IMPLUWENSIYA NG IBA* TAG62-1013
(The Influence Of Another)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, unang ipinangaral sa wikang Ingles noong Sabado ng gabi, Oktubre 13, 1962, sa Tabernakulong Branham sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilathalang walang pagbabago sa wikang Ingles. Ang saling ito sa Tagalog ay nilimbag noong 1997 ng:

TAGALOG

©1997 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org